


# MGA TANONG AT MGA SAGOT

## SA GENESIS

1  Ngayon, kung may sinumang may tanong na gusto nilang ibigay, sige't, ipasa n'yo lang dito sa itaas, ipaabot n'yo sa isang bata o kung paanong ibig n'yo. O, marahil, kung matapos tayo . . . mayroon akong—mayroon akong nasa anim dito sa isang pahina, at tapos dito, at tapos may dalawa tayo roon.

2 Ngayon, ating . . . gusto nating malaman. Ang dahilan kung bakit ginagawa natin ito ay para malaman kung ano ang nasa isipan ng mga tao, kung ano ang iniisip nila. Kita n'yo? At 'yun ang bumubuo sa isang mainam, na matatag na iglesya. Kinakailangan kayong maglaan ng—ng mga oras, kagaya na lang ng kailangan n'yong suyurin ang matitinik na damong ligaw para ihiwalay, alam n'yo, at ang lahat, na alisin ang—ang lahat ng mga bagay sa daan para makagalaw kayo nang tuluy-tuloy. Kaya ngayon 'yan ang dahilan kung bakit may gabi ng pagtatanong tayo paminsan-minsan, ay upang malaman.

3 Ngayon, kung mayroong anumang mga katanungan na . . . Ngayon, sa pagkakataong ito ay medyo binuksan ko ito, nang malawak. At sabi ko . . . Ngayon, dati ay sinasabi ko, “Ngayon kung may sinuman . . . na anumang may kinalaman sa—sa Kasulatan; para masagot. Itanong n'yo po.” (Salamat, kapatid.) At sabi ko, “Sige't kahit anong may kinalaman sa isang Kasulatan; para masagot.” Kita n'yo, at sasagutin natin ito. Pero ngayong gabi ang sabi ko . . .

4 Alam n'yo, kapag may mga dumarating, sinasabi nila, “Kapatid na Bill,” tinanong ako ng isang tanong, “sa tingin mo ba kung—kung—kung si *Ganito-at-ganoon* ay gumawa ng *ganito't-ganitong* bagay, Cristianismo ba 'yun?”

5 Buweno, para bang itinutulak mo nun ang isang tao. Pero sabi ko, “Hayaan n'yong itanong nila 'yun ngayong gabi.” Kita n'yo, ayos lang po 'yun. Para malaman lamang natin kung mayroong anumang pagtutulak na ginagawa.

6 Oh, ako'y—ako'y—ako'y talagang mainam ang pakiramdam ngayong gabi. Nagtabas ako ng damo maghapon, kaya talagang maganda ang pakiramdam ko, doon sa mainit na araw.

7 Mayroon tayong isang—isang nalalapit na pagtitipon ngayon, huwag n'yo pong kalilimutan. Agosto beinte-tres, sa Stadium sa Chicago, hanggang a-singko ng Setyembre. Asahan n'yo ang isang kaaya-ayang panahon sa Panginoon doon. At naanunsyo na ito sa lahat ng dako ngayon, at inilathala ito ng

lahat ng iba't ibang pahayagan. At inaasahan natin ang isang maluwalhating pagkakataon.

<sup>8</sup> Ngayon, mayroon akong isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, sa tingin ko, sa isang pahina rito. At lahat ng ito'y para bang tumutukoy sa iisang bagay, doon sa—sa Aklat ng Genesis.

<sup>9</sup> Ngayon, una po rito sa Genesis 1:26, o 1:26 hanggang 28, dito 'yung ano nung—nung tao na may . . . tinatanong nila kung ano kaya ito. Kung ano—kung ano 'yung tanong na ito . . . ibig kong sabihin, nagtanong nung tanong, paumanhin po. At gusto nating unahing basahin 'yun. At ngayon, isinulat nila rito. Kung gusto n'yo itong pasundan kaagad, ayos lang. Sabi, “Nilalang ng Diyos ang tao, lalaki at babae silang nilalang Niya.” Kita n'yo? At pagkatapos ang kasunod mayroon siyang Genesis, o, ang lalaki o babaing kapatid, ang isa, ay sa Genesis 2:7, “Inanyuan Niya ang tao mula sa alabok ng lupa.” Iba namang lugar 'yun. Babasahin ko ang lahat ng ito, para matalakay natin ito nang sabay para makita n'yo. Ngayon ang una, ang unang yugto nito ay, ngayon ang sabi po:

1. **“Nilalang ng Diyos ang tao, lalaki at babae. Nilalang ang tao, lalaki at babae.”** Ngayon 'yun, sa tingin ko, ang unang punto. **Ngayon sa Genesis 2:7, sinasabi nito, “Inanyuan Niya,”** (nakasalungguhit) **“ngunit lumikha muna Siya.”** Mayroon siya pagkatapos. . . sinalungguhitan niya 'yun. **“At Kanyang inanyuan”** (nakasalungguhit) **“ang tao mula sa alabok, at hiningahan ang butas ng kanyang ilong,” at iba pa. Ngayon, ano ang pagkakaiba, o nasaan ang koneksyon sa mga Kasulatan sa itaas?**

<sup>10</sup> Ngayon, ito ay . . . Ngayon kung isinulat n'yo ito, Genesis 1:26 hanggang 28, at Genesis 2:7. Ngayon, ito'y isang napaka maselan na bagay, at baka di ko—di ko . . . siyanga't may sarili akong ideya tungkol dito, kaya naman ibibigay ko lamang ito sa inyo sa paraang nararamdaman kong ganoon ito. At kung iba ang sa iyo, buweno, ayos lang.

<sup>11</sup> Gusto kong batiin si Kapatid na Neville sa magagandang sagot na ibinigay niya sa mga tanong na 'yun doon. Ngayon, mahuhusay ang mga 'yun.

<sup>12</sup> Ngayon, dito sa, Genesis 1:26, nilalang ng Diyos ang tao sa Kanyang Sariling larawan. At kung mapapansin n'yo, kukunin natin ito para mabasa n'yo ito, at 26 . . . Kung gusto n'yong sumama sa ating pagbasa, ikagalalak natin na inyong—inyong gawin ito, para masundan n'yo kung tama ako.

*At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, . . . sa mga ibon sa himpapawid, . . . sa mga hayop, . . . sa lupa, at sa bawa't umuusad na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.*

*At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae.*

13 Ngayon, 'yun ay...narinig ko na tinalakay 'yan ng maraming beses, sa buong mundo, nagkaroon na ng mga talakayan tungkol diyan. Ngayon sa Genesis 2:7, tingnan n'yo ang ginawa Niya rito. Sige, heto na Ito:

*At...inanyuan ng Dios ang tao mula sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay.*

14 Ngayon, anong uri ng pagkaanyo...? Yan ang gustong itanong ng—ng nagtanong:

**Ano ang koneksyon na mayroon itong Genesis 1:26 sa Genesis 2:7? Lumikha ang Diyos ng dalawang tao. At ang isa'y 'yung tao, at 'yung... Anong koneksyon na mayroon 'yun? Anong...? Paano ba ito kumukonekta sa Kasulatan?**

15 Buweno, ngayon, kung papansinin n'yong mabuti ngayon, sa Genesis 1:26, unahin natin ang unang bahagi. Sabi ng Diyos, "Lalangin Natin." Ngayon, "Lalangin Natin," ang *natin* ay isang... "Lalangin Natin ang tao sa Ating Sariling larawan." *Atin*, siyempre, nalalaman natin na May kausap Siya, kausap Niya ang isa pang Katauhan. "Lalangin natin ang tao sa Sarili Nating larawan ayon sa Ating wangis, at magkaroon sila ng pamamahala sa mga hayop sa parang."

16 Kung mapapansin n'yo, sa paglalang, ang unang bagay na nalalang, siyempre, ay ang liwanag. Kung tutugaygayin mo ang naturang paglalang, ano ba ang huling bagay na nilalang? Ang tao. At nilalang ang babae ayon sa lalaki. Sige, ang unang... Huling bagay na nilalang, sa mga nilikha ng Diyos, ay sangkatauhan.

17 Subalit noong lalangin ng Diyos ang Kanyang unang tao, kung napansin n'yo, nilalang Niya siya sa wangis Niya Mismo, nilalang siya sa larawan ng Diyos. At ano ang Diyos? Ngayon, kung malalaman natin kung ano ang Diyos, malalaman natin kung anong uri ng tao ang ginawa Niya.

18 Ngayon sa San Juan, sa ika-4 na kabanata, at aking... mababasa n'yo ito, kausap ni Jesus 'yung babae sa... kung gusto n'yong bumuklat dun. Ako'y... wala nang gaanong oras, hindi ko na lang isinulat ang mga 'yun, kailangan ko na lamang itong kunin sa memorya. At sige't hanapin n'yo ang mga ito ngayon, kung mahahanap ko ito kaagad. Ngayon sige't magsimula tayo sa bandang ika-4 na kabanata, at ika-14 na talata:

*At ang sinomang umiinom ng tubig na ito na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan*

*man; . . . at magiging mga balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan.*

*Sinabi sa kaniya ng babae, Ginoo, ibigay mo sa akin ang tubig na ito, upang ako'y . . . hindi na pumarito man sa ganito kalayo upang umigib pa.*

*Sinabi ni Jesus . . . Humayo ka, at tawagin mo ang iyong asawa, . . .*

*Sumagot ang babae . . .*

<sup>19</sup> Naniniwala akong kailangan natin pumunta sa itaas nun nang kaunti pa ngayon, upang malaman, malaman kung ano—kung ano ang ibig kong makita n'yo rito. Marahil hindi, marahil ay mahahanap ko 'yun dito sa ibaba, at kung ano ang gusto kong makita. Anong sabi? Sa ika-23 at ika-24 na talata. Sige.

*Sinasamba ninyo . . . ('yun nga ito) . . . Sinasamba ninyo at hindi ninyo nalalaman: sinasamba namin ang nalalaman namin: sapagka't ang kaligtasan ay nanggagaling sa mga Judio. (at tama 'yun, kita n'yo)*

*Datapuwa't dumarating ang oras, . . . Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba (Judio man o Gentil) ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya.*

<sup>20</sup> Ngayon, ang kasunod na talata ang dako na gusto kong puntahan:

*Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan.*

<sup>21</sup> Ngayon, kung nilikha ng Diyos ang tao sa Sarili Niyang larawan at sa Sarili Niyang wangis, anong uri ng tao ang nilikha Niya? Isang espiritung tao. Ngayon kung mapapansin n'yo, matapos Niyang likhain ang lahat ng mga nilikha, at lumikha ng isang espiritung tao, sa masinsinang pagbasa nito ngayon (doon sa nagtanong nung tanong) ay makikita mo ito, na nagbigay ang Diyos sa tao ng kapangyarihang mamahala sa mga hayop at sa mga isda at lahat. Pero, sa paglikha Niya noon, ginawa Niya ang tao sa Sarili Niyang larawan upang mamahala sa mga hayop, mamahala sa mga hayop sa parang, tulad ng pamamahala ng Espiritu Santo sa mananampalataya ngayon. Kita n'yo?

<sup>22</sup> Siya ay, sa madaling salita, si Adan, ang unang tao sa mas mababang nilikha ng Diyos. Ang unang nilalang ay ang Diyos Mismo; pagkatapos mula sa Diyos ay lumabas ang Logos, ang Anak ng Diyos; pagkatapos mula sa Logos, ay ang Salita ("Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahang kasama natin."), mula sa Logos ay lumabas ang—ang tao.

23 Oh, mayroon akong magandang pagsasalawhan sa isipan ko ngayon, kung makakapamasyal kayo nang kaunti kasama ko. Naniniwala akong nangusap na ako tungkol dito dati, pero para dalhin ko ito sa dako kung saan siguradong makikita n'yo ito. Ngayon, maglakbay tayo nang kaunti at bumalik sandali. Ngayon, huwag n'yong isipin kung gaanong kainit ngayon, ilagay natin ang ating mga isipan sa kung anong pag-uusapan natin at pagbulayan n'yo ito ngayon.

24 Bumalik tayo nang isang daang milyong taon bago pa man magkaroon ng isang bituwin, buwan, o anumang bagay sa mundo. Ngayon, may panahon kung saan walang ano pa mang bagay rito, ang lahat ay magpakailanman at Walang Hanggan. At ang lahat ng kailanman at Walang Hanggan ay ang Diyos, naroon na Siya sa pasimula.

25 Ngayon, pumunta tayo rito sa gilid ng barandilyang ito at tumanaw at tingnan ang mga bagay na ito na mangyari.

26 Ngayon, "Walang sinumang nakakita kailanman sa Ama." Walang makakakita sa Diyos sa anyong katawan, dahil ang Diyos ay wala sa anyong katawan, ang Diyos ay isang Espiritu. Kita n'yo? Sige. "Walang sinumang nakakita sa Ama, kundi ang bugtong na Anak ng Ama ang nagpakilala sa Kanya," Unang . . . Juan, kita n'yo.

27 Ngayon, pero pansinin n'yo ngayon, walang kahit ano, kalawakan lang ang mayroon noon. Walang liwanag, walang dilim, walang kahit na ano, haya't sadyang para bang walang kahit na ano. Pero doon ay may isang dakilang sobrenatural na Persona, ang Diyos na Jehovah, na Siyang sumasaklaw sa buong kalawakan sa lahat ng dako sa tuwi-tuwina. Siya ay nagbuhat sa walang hanggan at walang hanggan, Siya ang pasimula ng paglalang. Iyon ang Diyos. Walang makikitang anuman, walang maririnig na anuman, walang kahit isang paggalaw ng atom sa hangin, walang kahit ano, walang hangin, walang ano pa man, pero gayunpaman ay naroon ang Diyos. Iyon ang Diyos. (Ngayon masdan natin nang ilang minuto lang, at maya-maya . . .) Walang tao na nakakita Niyaon, ngayon, 'yun ang Ama. Iyon ang Diyos, ang Ama.

28 Ngayon pansinin n'yo. Pagkatapos pagkaraan ng ilang panahon ay nagsimula akong makakita ng isang munting sagradong Liwanag na nagsimulang mabuo, gaya ng isang munting halo o kung ano, makikita mo lamang ito sa pamamagitan ng espirituwal na mga mata.

29 Pero tingnan n'yo ngayon, habang nakatingin tayo, ang buong iglesya ngayon. Nakatayo tayo sa isang napakalaking barandilya, na pinapanood kung ano ang ginagawa ng Diyos. At dadako na tayo mismo sa tanong na ito rito at makikita n'yo kung paano Niya ito ibubunsod.

<sup>30</sup> Ngayon, walang nakakita sa Diyos. At ngayon, ang susunod na bagay na simula nating makikita, sa pamamagitan ng mga mata ng sobrenatural na pagtingin, nakikita natin ang isang munting puting Liwanag na nabubuo roon. Ano 'yun? Yun ay tinawag, ng mga mambabasa ng Biblia, na “Logos,” o “ang pinahiran,” o “ang pahid,” o ang . . . gaya ng sasabihin ko, ang—ang bahagi ng Diyos ay nagsimulang mabuo na maging isang bagay upang magkaroon ang mga tao ng kung anong uri ng kaisipan kung ano Ito. Isang munting, mababa . . . isang munting Liwanag, na gumagalaw. Siya . . . Iyon ang Salita ng Diyos.

<sup>31</sup> Ngayon, isinilang ng Diyos ang Kanyang Sarili sa Anak na Lalaking ito na bago pa man magkaroon ng kahit isang atom sa . . . o hangin para makagawa ng isang atom. Iyon ay . . . Kita n'yo, sabi ni Jesus, “Luwalhatiin Mo Ako, Ama, ng kaluwalhatian na Ating tinaglay bago pa man maitatag ang sanlibutan.” Kita n'yo, sa dako roon sa ibayo.

<sup>32</sup> Ngayon, sa San Juan 1, ang sabi Niya, “Sa pasimula ay ang Salita.” At ang unang . . . “At ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan kasama natin.” Ang Diyos na inihahayag ang Kanyang Sarili, sa tao. Ngayon masdan n'yo kung paano Niya ito ginawa.

<sup>33</sup> Ngayon, doon, noon, noong dumating ang munting halo na ito. Ngayon, wala pa tayong nakikita, anupa't sa pamamagitan lamang ng mga mata ng sobrenatural ay makikita natin ang isang halo na naroon. Ngayon, 'yun ang Anak ng Diyos, ang Logos. Ngayon, nakikita ko na Siyang naglalaro na gaya ng isang munting bata, sa harapan ng pintuan ng Ama, sa buong Walang Hanggan. Kita n'yo? At, ngayon, pagkatapos sa binuo Niyang larawan sa Kanyang isipan ay nagpasimula Niyang isipin kung magiging ano ang mga bagay-bagay, at para bang naririnig ko na sinasabi Niya, “Magkaroon ng liwanag.”

<sup>34</sup> At noong sabihin Niya, sumambulat ang isang atom at nagkaroon ng araw. Nagpaikot-ikot siya nang daan-daang milyong taon, bumubuo ng mga ningas, at naglalagablab, at nabubuong gaya na nito sa panahon ngayon; naglalagablab pa rin, pinagpipira-piraso pa rin ang mga atom. Kung sakaling makawala ang isang bomba atomika, ang dugtong-dugtong na mga atom ay magbubunsod . . . ang lupang ito'y magiging gaya ng araw, doon, sumasambulat mismo't pumuputok. Kung tatayo kayo halimbawa sa isa pang kontinente at titingin dito, magmumukha ito na isa pang araw, kung saan ang sinusunog ng mga atom ay ang lupang ito, kung sakaling malagot ang pagkakadugtong-dugtong at basta na lang magsisimula itong umikot, na umalimpuyo nang paganoon. Milyun-milyong milya ang abot nitong malalaking apoy na bilyun-bilyong Fahrenheit, na—na—na init na lumalabas sa araw na 'yun.

<sup>35</sup> Ngayon, masdan n'yo ito ngayon. Ang ganda po! Ngayon, nilikha Niya ang araw. At pagkatapos, bigla-bigla na lang, nahulog mula rito ang isang malaking ningas, na tumitimbang ng mga . . . mga katulad lang nitong mundo, na gumanoon "Spew!" Pagkatapos ang Logos na ito rito ngayon, ang Anak ng Diyos, ay pinanonood ito, hinayaan Niya itong mahulog sa loob ng sandaang milyong taon at pinahinto Niya ito. Pagkatapos ay may isa na namang lumipad, at hinayaan Niya itong (lumipad) mahulog sa loob ng milyun-milyong taon, pagkatapos pinahinto Niya ito. Ngayon, nakatayo tayo, na pinapanood ito na nabubuo.

<sup>36</sup> Ngayon, mayroon Siyang bagay sa Kanyang isipan, at anong ginagawa Niya? Isinusulat Niya ang Kanyang unang Biblia. Ang unang Biblia na tiningnan kailanman ng tao ay ang mga bituwin, ang zodiac. At ito'y isang ganap . . . sadyang . . . lumapat Ito mismo sa Bibliang ito. Ang simula sa mga ito, ang una sa mga zodiac ay ang birhen. Tama ba? Ang huli sa zodiac ay ano? Leo, ang leon. Yun ang unang Pagparito ni Jesus, dumating Siya sa pamamagitan ng isang birhen; ang ikalawa, darating Siyang gaya ng Leon ng angkan ni Judah. Kita n'yo? Nakaguhit na itong lahat, ang panahon ng kanser, at ang kabuoan nito. Ngayon, inilagay Niya ang lahat ng 'yun sa langit at iniladlad ito. Ang lahat ng mga bulalakaw, mga piraso ng lupa, o araw na nakalutang dito.

<sup>37</sup> Ngayon, kapag hinanap ng siyensiya ang mga misayl na 'yun na nahuhulog, hindi nun pinabubulaanan ang Diyos, sadyang pinatutunayan pa nga nun sa akin. Kita n'yo, sadyang lalo pa nitong ginagawang totoo ito. Ngayon, pansinin n'yo ngayon, ang lahat ng mga misayl na ito na nakabitin dun palayo sa mainit na araw, at lumalabas sa hangin, hayan nga, nasagap nila. At malalaman n'yo na lang, nagsimula ito sa isa lamang napakalaking tipak ng yelo.

<sup>38</sup> Ngayon, hayan nga na ang mundong ito'y nabuo, isa lamang malaking tipak ng baga na lumipad sa dako roon. Doon sa ilalim nun ay walang iba kundi isang gumigiling, na bulkan na naglalagablab, nang ganap, sumasabog sa lahat ng dako, galing sa bulkan. At sinasabi ng siyensiya na—na ang mundo raw na ito, ang kalupaang bumabalot sa ibabaw nito, kung saan tayo ay nakatira, ay para lang balat ng isang mansanas. At ang lahat ng . . . Ngayon, mayroong dalawampu't limang libong milya sa palibot, ito marahil ay walong libong milya (humigit-kumulang walong libong milya) ang kapal. At isipin n'yo na lang, sa loob noon, isa itong naglalagablab na bulkan.

<sup>39</sup> At dalawang-katlo ng lupa, higit sa dalawang-katlo nito, ay nasa tubig; at sang-katlo nito ay nasa lupa, nasa mga sang-katlo. At itong maliit, ang sangkalupaang-talop na ito na ginagalawan natin, puno ito ng mapanganib na mga pampasabog, gas, gasolina, langis, at lahat na. Tama ba? At ang dalawang-katlo nito, higit sa dalawang-katlo nito, ay tubig. Ano ba ang pormula

ng tubig? Dalawang bahagi ng hydrogen at isang bahagi ng oxygen, talagang mga pampasabog.

<sup>40</sup> May sapat na kuryente sa bawat silid para paghiwalayin ang init sa lamig, at makagagawa ito ng sapat na kuryente para pasabugin ang isang silid. Makapaglalatagay ka ng sapat na atom sa isang bola ng golf para pasambulatin ang New York na mabura sa balat ng lupa. At pagkatapos ang tao, na ang ginagalawan ay isang palayok pala ng impyerno, haya't binabayo ang kanyang sarili sa dibdib at sinusuway ang Salita ng Diyos, at sinasabi, "Wala namang ganoong lugar na sinasabi nilang impyerno." (Mayroon ako n'yan dito pansumandali, at dadako na tayo roon, kita n'yo.) Ang ginagalawan n'yo ay ang malaking palayok nito araw-araw. At nakaupo kayo mismo rito habang naririto kayo, at nasa ilalim lang ninyo ang impyerno.

<sup>41</sup> At ngayon, pansinin, pero ngayon noong una itong matagpuan, noong si Jesus. . . Ngayon masdan n'yo ang munting halo roon. Ngayon nakikinita ko Itong kumikilos papunta sa mundong ito at pumaibabaw rito at nagsimulang ilipat ito rito malapit sa araw. Walang iba ito kundi isang malaking bola ng yelo. At noong nagsimula na itong matunaw, tapos nagsimula nang maghiwa-hiwalay ang naglalakihang tipak ng yelo sa mga hilagang lupain at bumaba. At noong mangyari nga, nahiwalay ang Kansas at Texas at lahat ng mga lugar na 'yun doon, at nagtuluy-tuloy hanggang sa Golpo ng Mexico. At bigla na lang, ang buong bagay ay natatakpan na ng tubig.

<sup>42</sup> Pagkatapos, ngayon dadako na tayo sa Genesis 1, dadako na tayo ngayon sa Biblia, at lumabas na tayo sa ating larawan sa Biblia. Genesis 1, "Ang mundo ay walang anyo at walang laman; at binabalot ng tubig ang kalaliman." Tama ba? "At ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa tubig." Ngayon, inihiwalay Niya ang tubig, pinalitaw ang mga burol at ang mga lupa at iba pa; pinatuyo ito. Mga halaman at lahat na, ginawa Niya ito. At nilikha Niya ang buwan. At itinakda ang mga hangganan nito, ng dagat, para hindi ito makadaan.

<sup>43</sup> Pinagsama-sama Niya ang lahat ng mga bagay na 'yun, ginawa. . .? . . . Ginawa ang lahat ng iba pang mga bagay, ang lahat ng mga hayop, ang mga ibon, ang mga bubuyog, ang mga unggoy, at kung ano mismo ito, inilagay ang lahat ng ito rito sa lupa. At pagkatapos tinanong Niya ang tanong na ito ngayon. "Ating" (Sino? Ama at Anak) "lalangin ang tao sa Ating Sariling larawan."

<sup>44</sup> Ngayon, kung ginawa ang tao na parang 'yung munting sagradong Liwanag doon, o bagay na tulad nun, hindi Ito makikita (na isang espirituwal na Nilalang). Kanyang inihayag o ipinakilala ang Sarili nang kaunti pa, para gawing isang trinidad ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo. At heto ang Diyos, ipinakilala na ang Kanyang



Sarili, hanggang sa “Lalangin Natin ang tao,” na Kanyang anak, isang supling na nagmula sa Kanya, “ang tao sa Ating Sariling larawan,” isa siyang sobrenatural na nilalang. “At magkaroon siya ng pamamahala sa mga hayop sa parang, at iba pa.”

<sup>45</sup> Ngayon, pinangunahan ng tao ang tao. . . pinangunahan ang—ang mga hayop sa parang at lahat ng bagay, katulad ng pangunguna ng Espiritu Santo sa isang totoo’t, tunay na mananampalataya sa panahon ngayon. Ang Tinig ng Diyos doon. . . Ang tinig ng tao, pala, ay nakapagsasalita at nakapagsasabi. . . tatawagin niya ang mga hayop papunta *rito*, tatawagin ang mga tupa sa pastulang *ito*, tatawagin ang mga isda sa tubig na *ito*. Kita n’yo, mayroon siyang pamamahala, ang lahat ay sumusunod sa kanya.

<sup>46</sup> Ngayon, pero sa kalagayang ’yun ay wala pang tao na makapagbubungkal ng lupa, Genesis 2, walang tao na magbubungkal ng lupa. “At kaya nilalang ng Diyos ang tao” (Genesis 2:7) “mula sa alabok ng lupa.” Ngayon sinundan Niya. . . Nilalang Niya ang tao mula sa alabok ng lupa, at inilagay itong sobrenatural na Espiritu. . .

<sup>47</sup> Ngayon, nakahimlay siya roon. Maaari akong magkaroon ng maraming larawan nito. Nakikinita ko si Adan na tumatayo. . . Kunin natin sa *ganito*, tingnan n’yo siya habang nakatayo na gaya ng isang punongkahoy. Nilalang siya ng Diyos. Siya’y patay kung tutuusin; ang mga daliri niya sa paa, haya’t gaya ng mga ugat, na nakabaon sa lupa. At ang sabi ng Diyos, “Magkaroon,” o hiningahan siya ng hininga ng buhay, at napabalikwas siya, nagkamalay-tao. Siya ay isang. . . Hiningahan siya ng hininga ng buhay, siya ay naging isang buhay na kalulwa. Ngayon, at unti-unti siyang gumalaw, at gumalaw.

<sup>48</sup> At pagkatapos kumuha ang Diyos mula sa tagiliran niya ng isang piraso niya, isang tadyang, at gumawa ng isang babae. Ngayon, saan Niya kinuha ang espiritu, na babae? Kita n’yo? Noong Kanyang. . . Genesis 1:26, sabi Niya, “Lalangin natin ang tao sa Ating Sariling larawan, ayon sa Ating Sariling—Sariling wangis, ay nilalang Niya sila (ang tao) na lalaki at babae.” Ginawa Niya ang matipunong espiritu para sa lalaki; at ginawa Niya ang magiliw, munti’t, masasaktang, pambabae na espiritu para sa babae.

<sup>49</sup> At kapag nakakakita ka ng isang babae na kumikilos na gaya ng isang lalaki, nawawala siya sa kanyang puwesto, kita n’yo, sa pasimula. Kita n’yo? Sige. Dapat ang babae. . . Sa tingin ko’y isang kahihyan na naiwala ng kababaihan ang kanilang pino’t, nauukol sa babae na posisyon. Isa itong kahihyan. Sinasabi ko sa inyo, ito nga. Ito’y. . . Alam n’yo, sasabihin ko ito. Ngayon, hindi kayong kababaihan dito ang tinutukoy ko. Pero, siyempre, kung masakit, sadyang masakit nga ito. Pero, tingnan n’yo, may itatanong ako sa inyo. Dati-rati ang kababaihan ay

talagang babaeng-babae na anupa't kapag kakausapin sila ng isang lalaki haya't mamumula sila. Huh! Ano ang pamumula, siyanga? Ang tagal ko nang hindi nakikita ito na hindi ko na alam kung mayroon pa ba't ang kababaihan ay namumula pa ba. Wala na sila ng ganoong dignidad pa, 'yung lahat na 'yun na pinong nauukol sa babae na espiritu. Sila nga'y. . . Nagagawa na nilang. . . Nagsusuot na sila ng mga damit na parang isang lalaki, nagpapagupit ng kanilang buhok na parang isang lalaki, naninigarilyong gaya ng isang lalaki, umiinom na parang isang lalaki, nagmumura na parang isang lalaki, bumoboto na gaya ng lalaki, nagtratrabaho na gaya ng lalaki, siyanga, naging brusko, naging barumbado. Oh, grabe! Ipinapakita n'yo mismo kung saan na kayo humantong. Hayan na nga.

<sup>50</sup> Yaong munting pagkamahinhin, haya't di mo na siya gaanong nakikita, isa na siyang tao na mahirap nang hanapin. Hindi ba't ganoon na? Oo, 'yun ang katotohanan. Kaya ang isang babae ay hindi dapat na tumayo at kumilos na gaya ng isang lalaki, na malaki't matipuno, dahil siya ay masasaktin. Ginawa siya ng Diyos na ganoon. Mapapatunayan ko 'yan sa pamamagitan ng mga Kasulatan. Siyanga, po. Ganoon nga. At. . .

<sup>51</sup> Pero, siyempre, mapapalayo lang tayo sa tanong, pero ayaw kong mapalayo ang marami sa tanong na ito. Pero, kita n'yo, doon nga Niya ginawa ang una Niyang tao, sa Kanyang Sariling larawan.

<sup>52</sup> At pagkatapos, ang Diyos, bago pa man nagkaroon ng bituwin, ay alam na mismo kung ano ang magiging itsura ng mundong ito. At alam na Niya na ako ay magiging si William Branham na nangangaral ng Ebanghelyo mula sa pulpito at kayo'y magiging si *John Doe* na nakaupo ryan na nakikinig Dito, bago pa man magpasimula ang sanlibutan. Hallelujah!

<sup>53</sup> Ngayon, diyan nga kung minsan ang mga tao, sa—sa mga legalista at mga Calvinista, ay nagkakagulo. Kita n'yo? Sinasabi nila, “Bakit itinalaga ang ilan na maligaw?” Ayaw ng Diyos na may mapahamak. Ayaw Niyang ang sinuman ay mapahamak, pero ganoon pa man, bilang Diyos, alam Niyang may ilan na ayaw Itong tanggapin. Kita n'yo? Kita n'yo, Siya ay may. . . Tiyak na alam Niya ang wakas mula sa pasimula upang maging Diyos. Hindi ba?

<sup>54</sup> Kaya alam na Niyang magkakaroon Siya ng ilang kababaihan, kaya ginawa na Niya noon ang kanilang espiritu. Sinabi ng Biblia na ginawa nga Niya, sa 1, Genesis 1:26, “Nilalang Niya siya, ang tao,” sa paunang anyo, “lalaki at babae.” Amen. Kita n'yo? Sa paunang anyo, ginawa Niya ang babae at ang lalaki bago pa man sila maanyuan mula sa alabok ng lupa.

55 At pagkatapos ay ginawa ng Diyos ang tao, hindi sa Sarili Niyang larawan. Ang katawang ito ay hindi sa larawan ng Diyos, ang katawang ito ay nasa larawan ng mga hayop.

56 Puwede ko po bang hubarin ang amerikana ko? Nagiging maalinsangan na rito sa taas. Punit na kamiseta ang suot ko, pero hindi n'yo na mapapansin 'yun. Sabi sa akin ni misis na hindi raw dumating si Jesse at kinuha ang mga labada, kaya naman. . . Pero, tingnan n'yo, nasa isang paksa tayo rito ngayon na mas mahalaga pa kaysa sa isang punit na kamiseta sa pulpito. Hindi ba? Nangangahulugan ito ng Buhay na Walang Hanggan.

57 Ngayon, pansinin n'yo ang tao. Alam na ng Diyos sa simula na magkakaroon Siya ng kalalakihan at kababaihan, at alam na Niyang pupunta rito ang Tagapagligtas at kailangan Niyang dalhin si Jesus, at Siya ay ipapako sa krus. At sinabi ni Jesus sa mga alagad, noong naririto pa Siya sa lupa, na Kanya nang "nakilala sila bago pa man maitatag ang sanlibutan," bago pa man nagkaroon ng mundo.

58 At sinabi ng Diyos, din, o si Pablo na nagsasalita, sa Mga Taga-Galacia, sinabi niyang "Itinalaga Niya tayo at tinawag tayo sa Kanya bago pa man maitatag ang sanlibutan." Isipin n'yo 'yun! Na ang Diyos. . . Kung sino ang may gustong marinig kung ano ang sinasabi ng Kasulatan tungkol doon, itaas n'yo ang inyong mga kamay. Lumilinya ito dun sa tanong. Samahan n'yo ako sa Mga Taga-Galacia, sa unang kabanata. Tingnan n'yo rito. Hindi pala Mga Taga-Galacia, Mga Taga-Efeso ang ibig kong sabihin. Pakinggan n'yong mabuti ngayon kung ano ang sinabi ng Diyos, Mga Taga-Efeso 1:

*Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Jesus Cristo.*

*Sumainyo nawa ang biyaya, at kapayapaang, mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesucristo.*

*Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo Jesus:*

59 Ngayon, heto na po, pansinin:

*Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, . . . (whew!)*

60 Siyanga't ang ganda. Hindi ba? Hindi lang basta maganda, talagang maganda! Bago maitatag ang mundo, kilala na ng Diyos si Orman Neville at alam nang ipapangaral niya ang Ebanghelyo. Hindi ba't kahanga-hanga 'yun? "Pinili na. . ." Aba, isa siyang miyembro ng Iglesya, at alam na ng Diyos na magkakaroon Siya ng Iglesyang 'yun. At ang sabi niya, kausap ni Pablo ang iglesya sa Efeso, sabi, "Pinili Niya tayo sa Kanya."

Ngayon, tayong lahat ay mga miyembro ng Katawan ni Cristo. Tama ba? At ang Diyos, bago pa man nabuo ang sanlibutan, ay pinili ka na at ako sa Kanya, bago pa man nabuo ang mundo. Whew! Grabe! Hindi ba't kahanga-hanga 'yun?

<sup>61</sup> Ngayon, ang unang tao, ngayon, ginawa Niya ang unang tao sa *Kanyang* larawan, at bumabalik na tayo sa larawang 'yun, siyanga, sa ating unang likhang larawan.

<sup>62</sup> Noong nilikha ako ng Diyos, na William Branham, ako ay naroon na bago pa naitatag ang mundo, ginawa na Niya ang pagkatao, ang espiritu ko. Wala pa akong malay sa anumang sa pagkakaalam ko, pero ang . . . naroon na ako. Oh, sa palagay ko—sa palagay ko hindi n'yo ito nakukuha. Pero ngayon, sandali lang, sinabi ni Jesus sa mga alagad na Kanyang “kilala na sila bago pa naitatag ang sanlibutan,” at sinabi ni Pablo rito na “Pinili Niya tayo sa Kanya bago pa nagpasimula ang mundo.” Ngayon, may ilang bahagi ko, ni Orman Neville, at ng iba pa sa inyong lahat dito, na nakay Cristo Jesus na bago pa nagpasimula ang mundo. At narito ang pag-aanalisa ko tungkol diyan. Sa tingin ko'y ang mga tao ngayon na taglay ang Espiritung ito, o ang espiritu, isang bahagi ng mga anghelikong nilalang na ito, mga espiritu na nanggaling sa Diyos, na hindi nahulog sa pasimula at tinanggihan ang kasinungalingan ng diyablo doon sa Langit.

<sup>63</sup> At dalawang-katlo ng lupa ay nasa kasalanan, at higit pa roon, na dalawang-katlo sa mga anghel ay pinalayas. At pumasok ang mga demonyong espiritung 'yun sa mga tao at nanirahan sa mga katawan nila. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? Sila'y mga demonyong minsan . . . naroroon na sila dati pa't pumasok sila sa mga tao at binigyan sila ng kalikasan. Pinalayas ni Jesus ang pito sa kanila mula kay Maria Magdalena. Kapalaluan, kayabangan (mga matataas na tao, kita n'yo), karumal-dumal, marumi, kahalayan, mga panggagaya, pagkakaalit. Lahat ng mga bagay na ito, kita n'yo.

<sup>64</sup> Ang mga 'yun ay mga espiritu na ginawa na noong nagsimulang gawin ng Diyos ang tao mula roon sa Kanyang Sariling larawan. Kanyang nilikha ang mga sobrenatural na nilalang na 'yun, ang mga espiritung 'yun.

<sup>65</sup> At pagkatapos ay inilagay Niya ang tao sa alabok ng lupa, ang unang tao, si Adan. At ang taong 'yun ay ginawa ayon sa larawan, ang tao na ito rito, ay ginawa ayon sa larawan ng isang hayop. Ang mga katawang tao na ito'y ginawa sa larawan ng mga hayop.

<sup>66</sup> Mayroon tayong kamay na tulad sa isang unggoy, at—at mayroong paa na tulad sa isang oso. Kumuha ka ng isang munting batang oso, balahibuhan mo siya, alisin ang balat niya at itabi sa isang munting batang babae at tingnan n'yo ang pagkakaiba. Huh! Kapatid, talagang kakailanganin mong

tingnang mabuti. Ang buong diaphragm, ang kabuoan mismo, ay halos pareho, ang paraan ng pagkagawa nito at ang anyo nito, at ang lahat ay talagang eksakto. Ito'y nasa larawan mismo ng hayop dahil ginawa siya sa isang anyo na nasa antas ng isang hayop, dahil 'yun ang tungkulin niya na pamunuan ang hayop.

67 At alisin mo ang Espiritu Santo sa isang tao, mas mababa pa siya sa hayop, masahol pa siya sa hayop. Mabigat na bagay 'yun para sabihin. Pero kunin mo ang isang tao na hindi nagbagong-buhay sa kanyang isipan, na walang Espiritu Santo para pumatnubay sa kanyang kaisipan, at—at mga ganoong bagay, aagawin niya ang isang sanggol mula sa bisig ng isang nanay at hahalayin siya dahil sa makahayop na pagnanasa. Ganoon nga mismo.

68 At ang isang di-mabuting babae. Kumuha ka ng isang matandang inahing baboy o isang matandang aso, haya't binibigyan natin ito ng lahat na ng klase ng mga pangalan para. . . Pero ang moralidad niya'y para sa mga tuta lang niya, at mistulang ang baboy sa mga anak niyang baboy, pero ang isang kadusta-dusta na babae ay isa mismong. . . karumihan sa tuwina. Siyanga. Kaya tandaan n'yo, na kayo'y. . . kung wala si Cristo, ang moralidad n'yo ay. . . maaaring maging mababa pa sa aso. Siyanga.

69 Hindi kailangang magsuot ng damit ang aso para takpan ang kanyang sarili, maging ang ibang hayop ay hindi rin. Ang tao na siyang nahulog ay kailangan, hindi ang mga hayop. Pero, ang mga hayop dahil sa nasa ilalim ng tao (ng buhay ng tao), ay nakapasailalim dito dahil ang tao ang kanyang gabay at pinakamataas niyang pinuno. At kinatatakutan ng bawat hayop sa parang ang tao.

70 May nagtatanong sa akin, minsan, tungkol sa pangangaso, "Natatakot ka ba rito?" Aba, lahat ng hayop na nilikha kailanman ay natatakot sa tao, dahil ganoon ito mula pa noon doon sa pasimula. Kita n'yo? Siyanga. Tumakbo ka at hahabulin ka, siyanga, pero, ang isang aso o anuman 'yan. Buweno.

71 Pero ngayon, pansinin n'yo mismo, ang tao noong bumaba siya rito. . . Ngayon tingnan n'yo, dito. . . Sasabihin n'yo, "Ngayon, paano naman ito ngayon, Kapatid na Branham?"

72 Ngayon, dito'y makukuha n'yo ang Diyos nang eksakto, at sa pagitan ng Oneness at Trinity ay makukuha n'yo ang bagay nang eksaktong-eksakto ngayon. Tingnan n'yo ngayon! Noong bumaba ang Diyos, inihayag Niya ang Sarili, inihayag Niya ang Kanyang Sarili mismo hanggang sa bumaba Siya sa tao na ito. Ngayon, hindi nagkasala ang tao sa kanyang espiritu, kundi sa kanyang katawan, pagnanasa, kamunduhan. Pagkatapos noong magkasala siya, inihiwalay ng tao ang sarili niya sa kanyang Manlilikha. At pagkatapos ang Diyos, ang Logos, ang Lumikha mismo sa kanya, ay bumaba at ginawa sa larawan ng tao. Ang

tao ay ginawa sa larawan ng Diyos, at pagkatapos ginawa siya sa larawan ng hayop, at siya ay nahulog. At bumaba ang Diyos sa larawan ng tao, sa Tao na si Cristo Jesus, upang dumanas ng sakit. Hindi maaaring makaranas ang Diyos ng sakit sa Espiritu. Paano Siya makararanas ng pisikal na sakit sa Espiritu? Hindi Niya magagawa 'yun. Kaya inihayag ng Diyos ang Sarili Niya at ginawa sa larawan ng tao upang tubusin ang taong naligaw. Kita n'yo?

<sup>73</sup> At pagkatapos ay nagdusa ang Diyos sa laman. Unang Timoteo 3:16, “Walang pag-aalinlangan,” 'yun ang argumento, “dakila ang hiwaga ng kabanalan. Sapagkat ang Diyos ay nahayag sa laman, nakita ng mga anghel, ipinangaral, sa mga Gent- . . . at sinampalatayanan, at tinanggap sa itaas sa kanan ng Ama.” Tama ba? Bumaba Mismo ang Diyos at namuhay sa isang katawan ng tao at dumanas ng tukso. “Ang Diyos ay nakay Cristo, na pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya.” Nakita n'yo kung ano ang pag-ibig? Ang Pag-ibig ng Diyos!

<sup>74</sup> Ngayon, ngayon, isipin n'yo, sa tingin ko makukuha 'yan diyen, *lalaki* at *babae*. Ngayon, ang isang babae ay. . . Hayaan n'yo akong matalakay ito nang maayos ngayon, para makita n'yo ito, kita n'yo. Ang babae ay magpasakop sa kanyang asawa. At sinabi ng Biblia 'yun na “Dapat pamunuan ng lalaki ang kanyang asawa.” Pero talagang binago nila 'yun! Ang babae na ang namumuno sa lalaki, “Ngayon, manatili ka sa bahay, John! Huwag kang aalis!” At 'yun na 'yun, “Sige, mahal ko.” Kita n'yo?

<sup>75</sup> Pero may sasabihin ako sa iyo, mister. Ikaw ang kailangang managot para sa asawa mo, pero ang asawa mo'y hindi kailanman kailangang managot para sa iyo. Ikaw ang ulo ng babae, at ang Diyos ang ulo ng lalaki. Kung kaya't sinabi Niya, “Pagupit ng buhok ang lalaki dahil kay Cristo. At magpahaba naman ng buhok ang babae, sapagkat kung puputulan niya ang kanyang buhok ay niwawalan niya ng puri ang kanyang asawa.” Kita n'yo? Nakikita n'yo na ba ang ibig kong sabihin sa sinasabi ng Kasulatan?

<sup>76</sup> Nagkaroon ako ng isang mainit na pagtatalakay tungkol diyen, doon noong isang araw sa Shreveport. Pinag-uusapan nila ang tungkol sa kababaihan, at dapat ba raw magpahaba ng buhok ang kababaihan. At sabi ko, “Ang isang babaing nagpapagupit ng kanyang buhok, may karapatan ang kanyang asawang lalaki at karapatang ayon sa Biblia na hiwalayan siya.” Siyanga. Ganoon ang sinasabi ng Biblia. Ganoon nga mismo. Oh, grabe! Mga babaing may Espiritu Santo na nakaupo roon, na ganoon ang itinuro sa kanila, ganoon mismo. Kita n'yo? Iyon nga'y, lumuwag na.

<sup>77</sup> Sabi niya, “Ngayon, kung puputulan nila ito, kung may problema na kailangan nilang putulan ang kanilang buhok,” sabi, “kumuha na lang siya ng labaha at ahitan na ito nang

lubusan,” at gawin ang buhok niya nang talagang makinis na, hanggang sa mawala ito sa kanyang ulo. Siyanga. Iyon ang sinabi ng Kasulatan. Sabi Nito, “Kung puputulan niya ang kanyang buhok, winawalang-puri niya ang kanyang asawa. At ang isang babaing walang puri ay may karapatang legal na hiwalayan at idiborsyo.” Pero, hindi na maaaring mag-asawang muli ang lalaki, siyanga. Pero maaari niya—pero maaari niya itong hiwalayan sa diborsyo. Siyanga. Iyon ang Kasulatan. Oh kapatid, ang kailangan natin ay ilang mga gabi ng pagtatanong! Siyanga. Yun po’y sa Unang Mga Taga-Corinto, sa ika-14 na kabanata, kung gusto n’yo Itong basahin. Sige. Ngayon, ’yun —’yun . . . Ngayon, ang babaing ito . . .

<sup>78</sup> Ang Diyos—nilikha ng Diyos ang tao, na lalaki at babae. Nakita n’yo ang ginawa Niya? Ginawa Niya ang tao. Ginawa Niya . . . Ngayon, ’yun ang unang tanong dito, kita n’yo, “Nilikha Niya sila,” at iba pa, Genesis 1:26. Genesis 2:7, “Nilalang Niya sila mula sa alabok ng lupa at hiningahan ang mga butas ng kanyang ilong.”

**Ano ang pagkakaiba, o—o nasaan ang koneksyong ito sa itaas na Kasulatan? Ano ang koneksyon ng unang tao sa ikalawang tao?**

<sup>79</sup> Ang unang tao ay ang ikalawang tao na nahayag sa limang pandama. Kita n’yo? Sa ngayon hindi n’yo maaaring—hindi n’yo mahahawakan ang Diyos ng inyong mga kamay nang gaya *nun*, hindi n’yo makikita ang Diyos gamit ang mga mata n’yo. Hindi Niya ipinagkalooob ’yun sa inyo para gawin ’yun. Kayo’y . . .

<sup>80</sup> Narinig n’yo na ba ang isang matandang banal na mamamatay na, kapag sinasabi na nila, “Hayan na si nanay, maraming taon ko na siyang hindi nakita”? Narinig n’yo na ba ’yun kapag ang mga tao . . .? Kita n’yo, kung ano ito, napapawi na ang mga matang ito at nagsisimula na ang mga matang sobrenatural. Kita n’yo? At tapos kung minsan kung ating, kung gagawin ng Diyos, nakakakita tayo ng mga pangitain kung saan napapawi na ang natural na matang ’yan. Diyan mismo sa harap natin, nakatingin tayo mismo nang direktso, at may pangitain sa harap natin na nagpapakita ng mga sobrenatural na bagay ng Diyos. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>81</sup> Kaya kung ganoon, tingnan n’yo, “Kapag ang tabernakulong ito na ukol sa lupa rito . . .” Ngayon, ang ilan sa inyo na kababaihan at kalalakihan dito ay tumatanda na. Tingnan n’yo, “Kapag ang makalupa . . .” Naiisip ko ang matandang tatay riyon, siyamnapu’t dalawang taong gulang na. “Kapag ang tabernakulong ito na ukol sa laman ay masira, mayroon pang isang tao na espirituwal, isang katawan na espirituwal na naghihintay sa atin na hindi na mamamatay.” Magkikita tayo roon. Lalapit ako . . .

<sup>82</sup> Hindi ko mahahawakan si Kapatid na Neville sa—doon sa itaas, dahil nakita sila ni Juan at sila’y mga kaluluwang nasa ilalim ng dambana, umiiyak, “Hanggang kailan, Panginoon, hanggang kailan?” Alam n’yo na kung bakit, natalakay na natin ang Apocalipsis. At kung papaanong doon ay ninais nilang bumalik at mabihisan ng mga katawang mortal. Umiiyak sila, “Hanggang kailan, Panginoon?”

<sup>83</sup> Ngayon, magkakakilala sila, pero hindi sila makapag-usap at makapagkamayan, o, nakikinita kong nakapag-usap sila, pero hindi sila maaaring makipagkamay at iba pa. Narito ang larawan para patunayan ito. Noong tawagin ng mangkukulam ng Endor ang espiritu ni Samuel, at tiningnan siya ni Saul ay nakilala nito si Samuel. At nakilala naman ni Samuel si Saul at ang sabi, “Bakit mo ako tinawag mula sa aking pagpapahinga, na nakikita kong naging kaaway ka ng Diyos at humiwalay na ang Diyos sa iyo?” Tama ba? At nakatayo roon ang matandang Samuel na nakasuot ng kanyang damit ng propeta, at tiningnan niya ito. Nakabalabal siya.

<sup>84</sup> Nakita siya ng mangkukulam at nagpatirapa, at nagsabi, “Nakikita ko ang mga diyos na umaahon mula sa lupa.”

Sabi niya, “Bakit mo ako ginambala?”

At sabi nito, “Buweno, gusto ko sanang malaman kung saan hahantong ang labanan.”

<sup>85</sup> Sabi, “Bukas ay mamamatay ka sa pakikipaglaban,” at ang kanyang mga anak na lalaki ay, “sa ganitong oras bukas ng gabi ay makakasama mo na ako.” Kita n’yo? Ngayon, siya’y may kamalayan, at siya’y kamukha pa rin niya noong narito pa siya sa lupa, sa mangkukulam na ’yun na nakatayo roon at nakatingin sa kanya, at kay Saul.

<sup>86</sup> Ngayon, pansinin n’yo. Maraming beses . . . Paano naman si Tatay at Nanay noong naghihingalo sila at nakita ang kanilang mga mahal sa buhay na nakatayo roon? Nakilala nga nila sila. Pero ito’y sa katawang sobrenatural.

<sup>87</sup> Pero ngayon heto ang maluwalhating bahagi. Sa pagbabalik ni Jesus sa muling pagkabuhay, ito’y hindi na sa katawang ’yun. Ang katawan na ’yun noon, ang sobrenatural na nilalang na ’yun na nilikha ng Diyos sa pasimula, ay babalik sa lupa para kumuha ng panibagong katawan, na hindi ipinanganak ng babae, kundi nilikha ng Diyos (Hallelujah!), para di na kailanman tatanda o kukulubot, hindi na magkakauban sa inyong ulo, kundi magiging perpekto na, magpakailanman! Hallelujah! Oh, kapatid, mapapasigaw ako nun sa isang maalinsangan na gabi! Siyanga! Oh, “ang damit na ito ng laman ay aking ihuhulog, at babangon at kukunin ang gantimpalang walang hanggan!” Kaya ano nga ang ipag-aalala natin?

<sup>88</sup> Hayan na ang buong plano na nakalapag diyan mismo, kung paano ako nilikha ng Diyos sa pasimula. Bumaba ako



rito sa lupa, kinuha ang lugar ko bilang isang mangangaral ng Ebanghelyo, o kayo bilang isang lalaki o babae na may kaligtasan, nabubuhay tayo sa biyaya ng Diyos. Hallelujah! At lilisan ang espiritu ring 'yun na naroon sa pasimula. Babalik ako sa kamalayan ng pagkakaalam na galing ako rito, (Hallelujah!) at pagkatapos ay maghihintay roon sa ilalim ng dambana, na binanal magpakailanman, sa kapahingahan. At pagkatapos sa pagbabalik, kukunin ko ang aking katawan sa kainam-inaman nito, bago pa man tumama ang kamatayan dito.

<sup>89</sup> Tatama sa iyo ang kamatayan nang mga dalawampu't dalawa o dalawampu't tatlong taong gulang, magsisimula ka nang manghina. Hindi ka na 'yung dating lalaki at dating babae na ikaw, pagkatapos mong makatungtong ng mga edad dalawampu't lima, may kung ano nang magsisimula. Magsisimula ka nang mangulubot sa ilalim ng iyong mga mata. Hindi ka na makakapaghugas na gaya ng dati. Tatlumpu, mapapansin mo na ito nang madalas. Hintayin mong makarating ka ng apatnapu't apat, tulad ko, at mapapansin mo na talaga ito. Pero, Oh kapatid! Hintayin n'yo hanggang sa tumuntong kayo ng walumpu, siyamnapu, at naka-tungkod na, na nakatayo riyon. Ano ito? Sadyang inilagay ako ng Diyos sa takbuhing 'yun para tumakbo. Pero isang maluwalhating araw . . . Iyon ang kamatayan na nagsisimula na.

<sup>90</sup> Dati ay tuwid pa ang mga balik ko, may itim na buhok (at ulong puno nito), at walang kulubot sa ilalim ng mga mata ko; at tingnan n'yo ako ngayon, papaliit na, humuhukot na ang mga balik, tumataba, at mga kulubot sa ilalim ng mga mata ko, nakakalbo na. Aba, tingnan n'yo ang ginagawa ng kamatayan sa akin sa loob nitong mga huling dalawampung taon. Kamatayan ang may gawa nun. Hintayin n'yong umabot ako ng walumpu, kung hahayaan pa akong mabuhay ng Diyos, at matingnan kung anong itsura ko, nakatayong gaya nito gamit ang isang pangmatandang tungkod, na nanginginig nang *paganoon* sa kung saan. Pero, hallelujah, isang maluwalhating araw, ganap nang hahantong sa kamatayan. At pagbangon ko sa pagkabuhay na mag-uli ako'y magiging kung ano ako noon, kung ano ang pagkagawa ng Diyos sa akin dito sa lupa sa aking kainam-inaman, sa isang katawan na hindi ginawa ni Gng. Branham at G. Branham, kundi nilikha ng Diyos Mismo; hindi na saklaw ng tukso, hindi na saklaw ng kasalanan, hindi na saklaw ng anumang iba pa, hindi na kailanpaman magkakaroon ng karamdaman, dalamhati. Oh, grabe!

<sup>91</sup> Pagkatapos ay hahawakan ko ang kamay ng aking munting asawa at lalakad doon sa Paraiso ng Diyos nang ganoon, muli. Ganoon din ang gagawin n'yo. Hindi na 'yung matandang ubaning babae na inaakay-akay n'yo ngayong gabi, na tinatawag n'yong asawa, kundi siya'y magiging kasing ganda na kung paano siya noong araw na pinakasalan n'yo siya sa altar.

Hallelujah! Whew! Sapat na 'yun para mapasisigaw ang kapwa mo. Hindi ba? Kita n'yo?

<sup>92</sup> Sige, 'yun ang koneksyon. Buo ang pasya ng Diyos. Kapag nagpasya ang Diyos na gawin ang anumang bagay, sigurado mismong mangyayari. Sinira ni Satanas ang larawang ito sa pamamagitan ng pagnanasang seksuwal, ng babae, upang magkaanak. Sinira niya ito. Kaya sige lang at gawin mo ito, ayos lang. Ang tirahang ito ay para kunin ang mga ito, dahil ang tanging bagay na gagawin n'yo sa buhay na ito ay kunin ang inyong anyo at larawan, kung ano kayo. Kung pula ang buhok mo ngayon, magiging pula pa rin ang buhok mo roon. Kung itim ang buhok n'yo ngayon, magiging itim pa rin ang buhok n'yo roon. Kita n'yo, kung ano kayo sa inyong kainaman. At kung kayo. . . Pinutol lang ni Satanas ang larawang 'yun, na hindi n'yo nakuha. . . Kung ano ang itinakda para sa inyo ng Diyos, ay magiging ganoon nga kayo. Oh, napakamaluwalhati! Hayan ang tao.

<sup>93</sup> Ngayon Genesis 2. Oo nga pala, kailangan ko nang magmadali, tatalakayin ko na ang mga ito. (Mayroon ka pa ba? Mayroon ka? May nakuha ka ba? Mayroon ka pa ba para sagutin?) Sige, Genesis 2:18-21:

**2. Ginawa ng Diyos si Eba mula sa tadyang ni Adan, Genesis 2:18-21. Nilikha ba ng Diyos ang lalaki at babae, pagkatapos ay ginawa sina Adan at Eba—Eba?**

**3. At kumuha ba si Cain sa mga nilikha mismo na lalaki at babae para makapag-asawa?**

<sup>94</sup> Ngayon, atin na ngayong. . . hindi ko. . . Narito marahil 'yung tao na sumulat nito. Ngayon, noong ang Diyos. . . Sa unang tanong dito:

**Ginawa ba ng Diyos ang lalaki at mga babae, sa Genesis 2:18-21?**

<sup>95</sup> Hindi. Ako—ako. . . gaya ng—gaya ng makikita n'yo rito, 2:18-21 ngayon, pansinin n'yo:

*At sinabi ng PANGINOONG Dios, Hindi mabuti na. . . ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang makakatulong niya.*

*At nilalang ng PANGINOON. . . sa lupa ang lahat ng hayop. . . at iba pa.*

<sup>96</sup> Ngayon, ginawa ng Diyos si Eba mula sa tagiliran ni Adan. Ang babae ay mas lamang ng isang tadyang ngayon sa anatomiya at sa kabuoan kaysa sa lalaki, dahil kinuha ang isang tadyang mula sa katawan ni Adan. Nagawa na si Adan at nabubuhay na, at malungkot siya sa pag-iisa, at pagkatapos ay sinabi ng Diyos, "Hindi mabuti na ang lalaki ay mamuhay nang mag-isa."

<sup>97</sup> Kaya nga ang mga pari na ito at iba pa na pinagkakaitan ng mga karapatan ng pagkakaroon ng asawa. Ngayon, 'yun,

maaaring gawin ng iglesyang Romano ang kahit ano...Sila 'yun, sila ang kinakailangang managot para dun—para dun, hindi ako.

<sup>98</sup> Buweno, tinanong ako ng isang—isang lalaki, kamakailan, sabi, “Ano sa tingin mo?” Isang pari, ang nagsabi, “Ano ang tingin mo tungkol dun sa bata pang pari dito sa bayan na itinanan ang babaing 'yun, ang dalagang 'yun, isang kabataang babae na taga-rito sa Jeffersonville, at pumunta't pinakasalan siya?” Doon sa iglesya ng Irlandes, kung naaalala n'yo. Nakalimutan ko na ang pangalan niya.

<sup>99</sup> Sabi ko, “Mayroon siyang parehong karapatan na mag-asawa gaya ko. Iyon po ang palagay ko rito.” Sabi ko, “Ang tanging bagay na pinanghahawakan ko...sa tingin ko na maling ginawa niya, dapat sana'y pumunta siya sa iglesya at nagbitiw sa kanyang tungkulin at saka pumunta't pinakasalan 'yung babae, imbis na basta na lang nagtanan gaya nun.”

<sup>100</sup> Ngayon, naaalala n'yo noong mangyari ito ilang linggo na ang nakalipas dito sa Jeff., 'yung Irlandes na paring Katoliko rito. Bata pa siyang lalaki, at siya'y papunta...may isang kasintahang babae rito. At noong siya...Binigyan nila siya ng napakalaking kaloob na handog, dahil magpapalit na siya ng parokya, ipapadala siya sa isang lugar sa Indianapolis. At kinuha lang 'yung kaloob na handog, ang babae at lahat, at umalis at nagpakasal, at wala na silang narinig pa mula sa kanya. Buweno, may karapatan siya na mag-asawa, pero wala siyang karapatan na gawin 'yun. Hindi niya dapat ginawa 'yun. Nagpunta muna sana siya sa—sa simbahan at nagsabi, “Heto po, magbibitiw na ako sa tungkuling ito bilang isang pari. Mag-aasawa na ako, at hanggang doon na lang ito.”

<sup>101</sup> Pero, ngayon, ginawa ng Diyos si Eba, at—at sina Adan at Eba nang sabay, ang bagay lang na ginawa noon ng Diyos ay ang sobrenatural, ang espiritu ni Adan at ang espiritu ni Eba, ang lalaki at babae. Pagkatapos, noong ginawa Niya... inilagay na rito si Adan, hindi mabuti para sa...Kita n'yo, ito ang larawan ng Diyos na patuloy na nahahayag. Ang lahat ay ganito, ito'y sadyang—ito'y sadyang nahahayag, nahahayag mismo, patawid hanggang doon sa Milenyum at tuluy-tuloy sa Walang Hanggan. Larawan ng Diyos na sadyang nahahayag, ang Diyos na ipinakikilala ang Kanyang Sarili.

<sup>102</sup> Heto, ang Diyos na inihayag ang Kanyang Sarili kay Cristo Jesus, upang ipakita kung ano Siya. Ano si Jesus? Isang Tao ng kapanglawan, na sanay sa kalungkutan, mapagmahal. Sabi Niya sa isang patutot, “Nasaan ang mga nag-aakusa sa iyo?”

“Walang sinuman, Panginoon.”

“Hindi rin Kita inaakusahan. Humayo ka na, huwag ka nang magkasala pa.”

<sup>103</sup> Pagod at nanghihina na sa paglalakad nang mga tatlung milya noong araw na 'yun, sa buhangin ng disyerto at mga bagay-bagay; may isang babae na taga-Nain na papalabas; at ang nag-iisa niyang anak na lalaki, ay patay na, nakahimlay roon. Pinahinto Niya ang prusisyon ng libing, ipinatong ang Kanyang mga kamay sa binatilyo, sabi, "Bumangon ka." At ang binatilyong patay na ay muling nabuhay. Yun—'yun ang ating Panginoong Jesus. (Salamat, Teddy, iho.) At naroon, 'yun ang ating Panginoong Jesus. Hindi Siya kailanman labis na pagod, hindi Siya kailanman labis na nanghina para gumawa ng anumang bagay na mabuti. Buweno.

Ngayon narito ang isa pa:

**Kumuha ba si Cain sa—sa unang nilikhang lalaki at babae para makapag-asawa?**

<sup>104</sup> Ngayon, hayon ang isang medyo maselang tanong, ngayon makinig po kayo nang mabuti. Ngayon, oh, aking . . . nakita n'yo na ang mga tao na inilagay 'yun sa pahayagan, "Saan ba kinuha ni Cain ang kanyang asawa?" O, sinasabi ko na 'yun dati.

<sup>105</sup> At hindi ko talaga itinuro na mayroong nag-aapoy na impyerno sa loob ng mga apat na taon noon pagkatapos ng pagbabagong-loob ko. Kinailangan kong makita 'yun sa Kasulatan. Kasi kung hindi ko alam, wala akong sasabihing anumang tungkol dito. Kita n'yo?

<sup>106</sup> Pero ngayon, "Saan kinuha ni Cain ang asawa niya?" Ngayon, 'yan ang—ang pag-aanalisa sa tanong na ito ngayon. "At kumuha ba si Cain ng kanyang asawa sa nilikhang lalaki at babae, para makapag-asawa?" Kita n'yo? Ngayon, ngayon, isa sa unang . . .

<sup>107</sup> Kay Gng. DeArk, narinig n'yo nang lahat ang tungkol sa pagpapagaling sa kanya noong isang gabi, kung papaanong pinagpala siya ng Diyos at lahat na. Nakaratay siya noon, naghihingalo na, dumating sila ng mga alas dos ng umaga.

<sup>108</sup> At ganoon nga, ngayon, doon ko kung paano . . . Ang anak niyang lalaki, si George, 'yung binata'y isang tagapamagitan, si Ed, din. Naroon sila sa tindahan, at narinig ko ang isang diskusyon doon, kung saan ang unang . . . kung saan nakuha ni Cain ang asawa niya. Buweno, 'yung nagsasalita ang tila ba ang pinakamahusay sa talakayan doon, sabi niya, "Masasabi ko sa inyo kung saan nakuha ni Cain ang asawa niya," sabi, "Pinuntahan ni Cain at pinakasalan ang isang napakalaking babaing unggoy." At sabi, "Mula sa unggoy na 'yun ay lumabas ang lahing itim." Sabi, "Napansin n'yo ang ulo ng taong itim ay para bang may tuktok na *paganoon*, parang—parang 'yung sa unggoy, sa ulo."

<sup>109</sup> Buweno, tumayo ako roon, halos dalawang buwan pa lamang ako sa Ebanghelyo. Sabi ko, "Ayaw ko pong makipagtalo sa'yo ginoo, dahil hindi naman ako isang mag-aaral, kaliligtas ko

pa lamang. Pero,” sabi ko, “kung ganoon po ito, naputol na sana ang lahing itim na mga tao noong panahon bago ang pangmalawakang pagkawasak sanhi ng delubyo, noong wasakin ang mundo sa pamamagitan ng tubig, dahil si Noe at ang sambahayan lang niya ang mga naroon sa daong. Sila lang ang mga naroon sa daong. Naputol na sana ang lahing itim,” sabi ko, “kung ganoon nga ito.” Sabi ko, “Hindi, po! Hindi nanggaling doon kailanman ang lahing itim. Hindi, po. Ang lahing itim ay galing sa parehong puno na pinagmulan natin, at bawat tao, iisa lang.” Walang pagkakaiba. Mismo. Tayong lahat mismo. . . Marahil ang isa ay dilaw, ang isa naman ay kayumanggi, ang isa ay itim, at ang isa ay puti, at ang isa naman ay maputla, at ang isa ay pula, at ganoon lamang, pero nanggaling kayong lahat sa iisang puno. Bahaging pisikal lang ’yan dito. Siyanga. Tao ka pa rin, na nilikha rito ng Diyos.

<sup>110</sup> At ngayon, pansinin n’yo, dito kamakailan lang, nakatayo ako rito at ang ilang mga doktor sa Louisville, nagsasalita ako tungkol sa Aprika kung paanong ’yung mga kaawa-awang mga tao, ang mga kanibal na uri, lalo na, kung paanong mayroon silang isang babae roon, na kinuha ang isang munting sanggol, natagpuan ang isang munting sanggol, at—at pinagpapalo niya ito nang ganoon at itinali ito sa isang palumpong at hinayaan itong mabulok nang ilang araw, alam n’yo, hanggang sa nakontamina ito bago nila kainin ’yun, alam n’yo. Basta kahit anong bagay, pinapabulok muna nila ito nang kaunti, pinalalambot.

<sup>111</sup> Huwag n’yong isipin na kalabisang bagay ’yan na ginagawa ng mga kanibal. Sa Inglatera ganoon din ang ginagawa nila, pumapatay sila ng mga pugong pheasant at ibinibitin ang mga ’yun sa mga puno, para kapag naglaglagan na ang mga balahibo sa mga ito ay saka na nila kakainin ang mga ’yun. Iyon ang inang-lahi ng mga taong Anglo-Saxon, sa Inglatera. Siyanga. At huwag n’yong isipin. . . Hindi n’yo nga kailangang magpunta sa Inglatera, pumunta lamang kayo rito sa mga timugang estado, ganoon din ang makikita n’yo. Siyanga. Ang sinuman dun ay kumakain ng kuhol o—o ng ahas-disyerto, kinakain nila ang kahit ano pang iba. Kaya. . .Siyanga.

<sup>112</sup> Ngayon pansinin n’yo, hayaan—hayaan n’yong sabihin ko sa inyo. Pero, ganito ang nangyari. Ang itim. . .ang—ang lahing itim ay walang kinalamang anuman dito. Si Cain. . .

<sup>113</sup> Ngayon, ibig kong masdan n’yo. Sabi nila na “Nagpunta siya sa lupain ng Nod.” Ngayon, nasa Eden noon si Cain. At ang Eden, ang halamanan ng Eden, ay nasa silangan ng Eden. Tama ba? Ang halamanan ng Eden ay silangan ng Eden, sa silangang bahagi ng Eden. At ang mga Kerubin ay inilagay roon, at ang Punongkahoy ng Buhay ay nasa silangang pintuan ng halamanan, at doon sa tingin ko naghain sina Cain at Abel. At

doon ay hindi na sila hinahayaang makapasok pa ng Kerubin na may hawak na nagniningas na tabak, sa silangan ng pintuan!

<sup>114</sup> Napansin n'yo ba, darating si Jesus mula sa silangan. Sumisikat ang liwanag mula sa silangan. Ang lahat ay nagmumula... Nagsimula ang sibilisasyon sa silangan at naglalakbay ito pakanluran, hanggang sa iikot ito at babalik muli. Tayo ang Kanlurang Hating-Daigdig. Iyon naman ang Silangan, ang Silangan ang pinakamatandang sibilisasyon. Ang Tsina ang kilalang pinakamatandang sibilisasyon, ayon sa mga mananalaysay, sa mundo ngayon. Silangan!

<sup>115</sup> Oh, kung makakapanatili pa sana tayo sa mga tanong na ito nang maraming oras, kaya lang, hindi na natin madadakuan ang iba pa. Siyanga't pansinin n'yo, narito... Ilan ba ang gustong malaman kung ano ang paniniwala natin tungkol kay Cain, kung saan at sino ba ang asawa ni Cain? Tingnan nga natin. Sige. Sasabihin ko sa inyo ang ginawa ni Cain, at ito lang ang tanging makatuturang sagot na maiisip n'yo: napangasawa ni Cain ang sarili niyang kapatid na babae. Ganoon nga mismo, dahil may isang babae lang sa mundo noon; nagbibigay lang ang Biblia ng tala ng tatlong tao na naisilang, Ham, Sem...o hindi... ipagpaumanhin n'yo, sina Cain, Abel, at Seth. Pero kung walang kahit anong... Bihirang nagtatala ang Biblia ng kapanganakan ng babae. Alam n'yo 'yan.

<sup>116</sup> Ngayon, talagang pinagdidiskitahan ko yata ang mga babae ngayong gabi. Pero, tingnan n'yo, sinasamba na ng mundo ang kababaihan, pero ang kababaihan ang instrumento ng diyablo sa pasimula pa lang. At ang isang di-matuwid sa panahong ito ay ang pinakamahusay na instrumentong mayroon siya. Magpapadala ang babae ng mas maraming mangangaral sa impyerno kaysa sa lahat ng mga bahay-inuman ng kontrabandong alak na mayroon sa mundo. Hayaan n'yo ang isang munting kiring na babae na may sigarilyo sa gilid ng kanyang bibig, at ang buhok niya'y pinutulan na ganoon ang pagkaayos, at may napakahahabang pilik-mata na kumukurap-kurap nang pataas-baba, kapatid, isa 'yung munting... medyo magandang tikas ng katawan ang mayroon siya, siyanga't masdan n'yo ang gagawin niya.

<sup>117</sup> Mangangaral, siguraduhin mong nabalutan ang sarili mo ng Dugo ni Jesus Cristo. Siyanga. Ngayon, huwag n'yong sabihin sa akin, mga lalaki kayo! Napakarami ko nang nakita nun. Ngayon, masdan n'yo rito. Ang pinakamagandang gawin n'yo ay panatilihing nakasentro ang isipan n'yo kay Jesus Cristo at maging dalisay ang inyong mga pag-iisip.

<sup>118</sup> Gaya ng sabi ni Pablo roon, sabi, "Ito'y... Alam nating may kapangyarihan tayong pamunuan ang isang kapatid na babae. May kapangyarihan akong gawin 'yun, pero," sabi "hindi ko gagawin 'yun." Kita n'yo, hindi niya raw gagawin 'yun.

Sabi niya, “Alam kong ang pagmiministeryo ay dapat mabuhay sa pamamagitan ng kanilang—kanilang. . .Huwag lalagyan ng busal ang baka kapag gumigiik.”

119 Alam n’yo, iniisip natin kung minsan, dahil sa mangangaral tayo. . .(Hindi kayo at ako, ang tinutukoy ko, kapatid.) Pero iniisip ng mga mangangaral na dahil mga mangangaral sila na—na sila’y mas mataas kaysa sa isa sa mga karaniwang miyembro ng iglesya. Hindi ka mas mataas at hindi ka hihigit sa paningin ng Diyos kaysa sa lasenggong katanggap lang isang oras ang nakalipas.

120 Iyon ang isang bagay na hindi nalinis ng repormasyon, ang mga bagay na ito. Alam kong pumipirma ako ng pangalan ko ng “Reverend.” Ganoon mismo, isa lamang ’yun—isa lamang ’yung nakaugalian nang bagay sa panahong ito, pero hindi sana dapat ganoon. “Reverend” at “Obispo” at “Doktor” at ang lahat ng mga bagay na ’yun ay mga gawang-tao na mga titulo, at walang kabuluhan ang mga ito! Sa Biblia sila’y “Pedro,” “Santiago,” “Pablo,” “Juan,” at ang lahat pa sa kanila.

121 Sabi ni Pablo, “Ngayon, narito, alam kong ipinangangaral ko ang Ebanghelyo, ’yun—’yun—’yun ang tungkulin ko.” Isa akong mangangaral, isa siyang mangangaral, si Kapatid na Neville ay isang mangangaral, pero ito. . .Tungkulin namin ’yun, ang maging isang mangangaral. Buweno, sadyang ’yun ang dapat nating gawin. “Pero hayaan n’yo akong gumawa ng isang bagay,” sabi ni Pablo, “na higit pa roon.” “Ngayon, may karapatan akong tumanggap ng salapi,” sabi ni Pablo, “pero gagawa ako ng mga tolda para lang ipakita sa inyo na kaya ko—kaya kong magsakripisyo.” Sabi niya, “Marangal ito, marangal sa lahat ang pag-aasawa, huwag dungisan ang higaan. Mabuti para sa lalaki ang mag-asawa.” Sabi niya, “May karapatan akong mag-asawa. Ngayon, ako’y—ako’y maaaring mag-asawa, may legal akong karapatan na mag-asawa. Pero sadyang hindi ako mag-aasawa, gusto kong gumawa ng isa pang sakripisyo sa Panginoon.” Kita n’yo? Tapos sabi niya, “Alam ng bawat tao ang kanyang pagkatawag. Hayaan siyang gawin kung ano. . . Ang ilan ay mga bating para sa kapakanan ng Salita ng Diyos, at iba pa.”

122 Gusto nating gumawa ng isang bagay na higit kaysa sa tungkulin natin. At kung talagang ipinanganak kayong muli ng Espiritu ng Diyos at sinasabi, “Buweno, tungkulin ko na magsimba, sa palagay ko’y kailangan kong pumunta.” Oh, grabe! Bueno, gusto kong gumawa ng higit pa roon, gusto kong makaakay ng ilang kaluluwa para kay Cristo. Gusto kong gumawa ng isang bagay! Gusto kong dalawin ang mga maysakit o gumawa ng kung anong bagay para sa Kanya. Tungkulin ko na mangaral sa mga libing, tungkulin kong ipangaral ang Ebanghelyo, tungkulin kong ipanalangin ang mga maysakit. Hayaan n’yong gumawa ako ng iba pa, hayaan n’yo akong

humayo at gumawa ng isang bagay kung saan pararangalan ako ng Diyos dahil dun.

<sup>123</sup> Ngayon, bumalik tayo kay Cain. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sapagkat si Eba ang nag-iisang babae na nilikha ng Diyos, at kung wala siyang mga anak na babae, noong ang huling babae (ang nag-iisang babae) ay namatay, nahinto na sana ang lahi ng tao. Tama ba? Wala na sanang mga babae. Kaya naman siguradong may mga anak na babae siya. At pinakasalan ni Cain ang sarili niyang kapatid na babae, dahil kinailangan, wala nang iba pang lugar na panggagalingan ng mga babae.

<sup>124</sup> At 'yun ay legal at naayon sa batas noong mga araw na 'yun, maging kay Abraham, at maging hanggang kay Isaac. Pinakasalan ni Isaac ang sarili niyang kadugong pinsan. At pinakasalan ni Abraham ang sarili niyang kapatid na babae, kadugong kapatid na babae. Ang kanyang ama. . . Magkaibang ina pero parehong ama. At lumalabas ang binhi galing sa lalaki. Si Sarah, na nagluwal ng kahangang-hangang Isaac. Tama ba? Wala pang sinuman sa mundo noon.

<sup>125</sup> Ang lahat ng 'yun ay tipo, nagpapakita na ang. . .Heto ito, kapatid! Si Isaac. . .Si Rebekah ay isang tipo ng Iglesya, at si Isaac naman ay isang tipo ng Nobya, ni Cristo. Tama ba? At kailangang magka-Dugo sila! Hallelujah! Amen! Magka-Dugo!

<sup>126</sup> Kaya mangyari na pinakasalan ni Cain ang kanyang kapatid na babae, at 'yun ay. . .Pagkatapos ay pumunta sila roon sa lupain ng Nod. Ngayon, papasok na tayo sa isang malalim na paksa kung magpapakalayo pa tayo nang kaunti, at natutuwa akong hindi na kayo nagtanong ng higit pa roon, (gaya ng, “Nasaan na 'yung mga higanteng nasa lupaing 'yun noong panahong 'yun?” Maraming argumento rito sina Josephus at ang iba pa). Amen! Kung hindi ko 'yun nailinaw nang tama, kapatid, ibigay mo itong muli sa Linggo ng umaga. Sige.

**4. Maaari mo bang ipaliwanag na ang Linggo ang unang araw ng sanlinggo at ang Sabado ang ikapitong araw? Nagsisimba ang mga Cristiano nang Linggo, sa unang araw ng sanlinggo. Hindi ba't dapat silang pumunta ng Sabado, sa ikapitong araw ng sanlinggo?**

<sup>127</sup> Buweno, ngayon, mahal na kaibigan, kung sino man ang nagtanong nun, napakagandang tanong nito. Isa itong matagal nang tanong na pinagtalunan na ng libo-libong mag-aaral sa panahong ito, pero maaari bang, payagan n'yo lamang akong ibigay naman ang aking bersyon, kita n'yo, 'yan ang tangi kong magagawa. At kung di ako tama, buweno, kayo'y—kayo'y makinig pa rin sa akin, at patawarin ako ng Diyos, kita n'yo, kung—kung magkamali ako rito.

<sup>128</sup> Ngayon, tungkol sa kautusan. . .Ngayon, siguro'y isa itong Seventh-day Adventist na narito ngayon. Iyon ang una kong pinag-aralan, ang Seventh-day Advent. Siyanga. Ang Seventh-



day Adventist, ang una kong pinag-aralan. At noong dumating sila at sinabi sa akin na “ang Sabado ang ikapitong araw,” kapatid, ’yun ay ayon sa kalendaryo ng mga Judio. At hindi ’yun inayos ng kalendaryong Romano, at ang Sabado talaga ang dapat na Linggo. Buweno, kinukumbinsi nila ako noon sa isang bagay na akala ko’y tama. At hangga’t binabasa ko ang kanilang literatura ay kumbinsido na ako roon, sandaang porsiyento, pero isang araw nakahawak ako ng isang Biblia at nakita kong hindi pala ganoon. Kita n’yo?

<sup>129</sup> Ngayon, Sabado ang araw ng sabbath ayon sa panahunan ng sanlinggo. Ngayon, hindi natin alam. Nabago na kasi ito, at napakarami na nating mga pagbabago na hindi mo na alam kung alin na. Kita n’yo? Dahil ating . . . Ngayon, inaangkin ng mga Judio na tayo’y mga nasa . . . na ngayon daw ay mga nasa 1970 na mahigit, ayon sa kanilang panahunan, sa kanilang kalendaryo. Para sa kalendaryong Romano ay 1953 naman. At may isa pa silang kalendaryo na nagsasabing ito’y nasa iba nang panahon. Pero ’yun ang nagpapaging patunay rito ng Cristianismo, nakabatay ito roon sa kapanganakan ni Cristo. Nakita n’yo, doon natin ito kinukuha.

<sup>130</sup> Ngayon, pero ngayon bilang ikapitong araw, ngayon, maraming mga tao sa Pentecostal na sabbath—sabbath na mga sabbatarian, pinangingilin ang Sabado na sabbath. Ngayon, sabi nila, “Walang Salita sa Biblia na ipangilin mo ang Saba- . . . Linggo bilang araw.” Ngayon, ganoon din ang sasabihin ko tungkol sa sabbath sa Bagong Tipan. Kita n’yo? Ngayon, Sabado ang araw ng sabbath na ibinigay sa mga Judio. Ngayon, ibinigay lang ito sa isang partikular na haba ng panahon.

<sup>131</sup> Ngayon, maaaring magbunsod ito ng panibagong tanong para isagot dito. Pero, ngayon pansinin n’yo. Noong magpahinga ang Diyos sa ikapitong araw, hindi pa noon ginaganap ang ikapitong araw, sa—sa pagkakaalam ko sa Kasulatan, hanggang halos labinlimang daang taon. At doon sa ilang, ibinigay ng Diyos sa Israel ang ikapitong araw bilang isang tanda sa pagitan . . . ng Diyos.

<sup>132</sup> At nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw, ang Kanyang memoryal na araw ng paggunita ng Kanyang araw ng pahinga. Sinasabi ko ’yun nang ganoon sa kapakinabangan nitong marahil ay isang—isang Seventh-day Adventist na kapatid na lalaki o babae, kita n’yo, mayroon silang kaaya-ayang simbahan. At ngayon pansinin n’yo, maiiba lamang ako sa kanila nang kaunti sa—sa tanong na ito.

<sup>133</sup> Ngayon, pinabanal ng Diyos ang ikapitong araw. Ang anim na araw ay tao. Ang ikapitong araw ay ang araw ng pahinga ng Diyos, na isang tipo, isang tipo ng Milenyum. Ngayon, pansinin n’yo ito ngayon, kung paano—kung paano ito tumutugma. Ngayon, noong dumating si Jesus sa lupa, ang nagbunsod na

mapako si Jesus sa krus ay 'yung hindi Niya raw pangingilin ng araw ng sabbath; ang tanging dalawang paratang na mayroon sila laban kay Jesus ay "nilabag Niya ang araw ng sabbath, at ginawang Diyos ang Kanyang Sarili." At sinabi Niyang Siya ang Panginoon ng sabbath. Kanyang . . . Haya't Siya ang Sabbath ng Diyos, at Siya ang Diyos. Kaya wala silang paraan para paratangan Siya.

<sup>134</sup> Ngayon, hayaan n'yo lang na tapusin ko ito para sa inyo at ipakita sa inyo kung anong araw ang dapat nating ipangilin. Ngayon, mayroon bang Kasulatan? Itinatanong ko ito para sa kapakinabangan n'yo:

**May Kasulatan ba, Kapatid na Branham, na nagsasabi sa atin at nag-aawtorisa sa atin na ipangilin ang Linggo na gaya ng pangingilin ng mga Judio sa Sabado?**

<sup>135</sup> Wala, po, wala. Wala ni isa mang Kasulatan sa Biblia, sa Bagong Tipan, para ipangilin natin ang alinman sa Sabado o Linggo. Pero ang dahilan na ipinangingilin natin ang Linggo, ay isang alaala ng muling pagkabuhay. Walang . . .

<sup>136</sup> Ngayon, sasabihin n'yo, "Ginawa 'yun ng mga Romano Katoliko." Inaangkin nilang ginawa nila 'yun, pero kung ginawa nga nila, isang Romano Katoliko pala si San Pablo, at gayon din naman sina Pedro, Juan, at Santiago, at ang iba pa sa kanila, dahil sa nagtitipon sila sa unang araw ng sanlinggo para sa kanilang pananambahan. At, ayon sa mga mananalaysay, ang tanging paraan para masabi nila kung sino ang Cristianong Judio at kung sino ang orthodox na Judio (pareho kasi silang nagpupunta sa mga sinagoga), haya't ang isa ay nagpupunta ng Sabado (na itinatangi ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus), at ang isa nama'y nagpupunta nang Linggo (na naniniwalang nagbangon si Jesus mula sa mga patay). At isa 'yung palatandaan. At ito nga'y, tanda pa rin hanggang ngayon, at maaaring ito'y lumantad bilang ang tatak ng hayop.

<sup>137</sup> Ngayon, alam kong, iniisip ng ating mga kapatid na Seventh-day Adventist na 'yun ang Tatak ng Diyos. Sabi nila, "Natatakan ka dahil sa pangingilin mo ng sabbath." Walang kasulatan sa Biblia na nagsasabi nun.

<sup>138</sup> At narito ang isang Kasulatan sa Biblia na nagsasabi na—na kayo'y tinatakan, Mga Taga-Efeso 4:30, na nagsabi, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa kanya kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong katubusan," ang bautismo ng Espiritu Santo.

<sup>139</sup> Ngayon ay patutunayan ko sa inyo na ang Tatak ng Diyos ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Yun ang bautismo ng Espiritu, ang Tatak nga ng Diyos. Ngayon, sa Isaias 28, ang sabi niya, "Utos at utos, bilin at bilin, dito'y kaunti, doo'y kaunti."

<sup>140</sup> Ngayon masdan mo, mahal na kaibigan. Ngayon, ang mga taong inihihinto ang pagtatrabaho . . . Kita n'yo, nagsusumikap

ang mga tao na makahanap ng isang bagay upang iligtas ang kanyang sarili. Wala kang anumang kinalaman dun. Naligtas ka sa pamamagitan ng biyaya. Ang Diyos ang tumatawag, ang Diyos ang nagliligtas. Sundan mo lang ang—ang mga bakas ng Diyos, ganoon lang. Hindi mo maaaring sabihin. Ganoon ang kalikasan ng isang tao. Sinisikap nilang huminto sa pagkain ng karne, sinisikap nilang ipangilin ang mga araw ng sabbath, sinisikap nilang . . . “Kung hihinto ka sa paggawa *nito*.” Ito’y . . . Hindi ka naligtas sa pamamagitan ng hindi pagkain ng karne. Hindi ka naligtas sa pamamagitan *nito*, *nun*, o ng *iba pa*, naligtas ka sa pamamagitan ng biyaya! At ang Diyos, sa pamamagitan ng biyaya, ay ibinibigay sa iyo ang bagong, Walang Hanggang Buhay. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? At ang Buhay na Walang Hanggan ay ang bautismo ng Espiritu Santo.

<sup>141</sup> Ngayon ay hayaan n’yong ipakita ko sa inyo. Ano ba ang ibig sabihin ng salitang *sabbath*? Kung alam ng sinuman, maaari n’yo bang itaas ang inyong kamay? Sabbath? [Sinabi ng isang kapatid na babae, “Kaphingahan.”—Pat.] Kaphingahan. Tama. *S-a-b-b-a-t-h*, araw ng sabbath, ang ibig sabihin “k-a-p-a-h-i-n-g-a-h-a-n,” araw ng kaphingahan. Kunin n’yo ’yung mga tala sa gilid ng Biblia at tingnan n’yo, “Kaphingahang” araw. Ngayon pumunta naman tayo sa Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata, kaagad ngayon. At ating . . .

<sup>142</sup> Ito—ito ang huli kong tanong dito. At, kapatid, tingnan mo nga kung nadakuan na ni Kapatid na Neville diyan ngayon. Alam ko na maiiksi lang ang ilan sa mga ’yun, kaya hindi na namin kayo gaanong pananatilihin nang matagal. Ngayon, pagpaumanhinan n’yo ako habang kinukuha ko ang mga ’yun.

<sup>143</sup> Ngayon, kapag nakikita n’yo ang salita rito, *kaphingahan*, kung ganoon ay alam n’yo na ang ibig sabihin n’yan ay “sabbath.”

<sup>144</sup> Ngayon, narito ang Bagong Tipan. Si Jesus, diyan sa San Mateo, sinimulan Niya sa ika-5 kabanata ng San Mateo, at sinimulan Niya nang ganito: “Narinig ninyong sinabi nila, sila noong sinaunang panahon, ‘Huwag kang mangalunya.’” Iyon, ano ’yun? Ang batas, mga kautusan. “Ngunit sinasabi Ko sa inyo, na, ang bawat tumingin sa isang babae na may pagnanasa.” Binago Niya ito, hindi ba? “Narinig ninyong sinabi nila, sila noong sinaunang panahon, ‘Huwag kang papatay,’ subalit sinasabi Ko sa inyo!” Binago rin ito, hindi ba? (Akala ko ba’y hindi Niya binago ang kautusan?) Sige. Sabi Niya, “Ngunit sinasabi Ko sa inyo na ang napopoot sa kanyang kapatid nang walang dahilan ay pumatay na.” Hindi ’yun ganoon sa ilalim ng Lumang Tipan, ’yun ay Bagong Tipan. Mangyari nga na sadyang nagtuluy-tuloy Siya roon na nilampasan ’yun. Kita n’yo? Nagpatuloy Siya at ibinahagi ang mga utos na ’yun, pero nakaligtan Niya, nilaktawan Niya ’yung ikaapat, ’yung

tungkol sa ikapitong araw. Ngayon sa ika-7 kabanata, kung saan Kanyang . . .

145 Diyan sa mga Banal na Pagpapala, ganito ang sinabi Niya, sabi Niya, “Narinig ninyong sinabi nila, sila noong sinaunang panahon, ‘Gawin mo, at huwag mong gawin,’ at ganito naman ang sinasabi Ko. Narinig ninyong sinabi nila, ‘Ngipin sa ngipin, at mata sa mata,’ subalit sinasabi Ko sa inyo! Narinig ninyong iba ang sinasabi nila, ngunit sinasabi Ko sa inyo!”

146 Ngayon sa dulo ng lahat ng ’yun, nilaktawan niya ang ikaapat na utos. Ngayon, ’yun nga’y, “Alalahanin mo ang araw ng sabbath at ingatan mo itong banal.” Ngayon sabi Niya:

*Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin sa inyong kaluluwa.*

147 Ngayon masdan, “Ang sinumang mangalunya ay kailangang batuhin,” kailangan na nasa mismong akto sila ng pangangalunya. Tama ba? At kinakailangan itong nagawa nang pisikal. “Sinumang pumatay,” isa dapat siyang mamamatay-tao.

148 Pero ang sabi ni Jesus, “Sinuman ang tumingin sa isang babae,” ang kanyang kaluluwa, espiritu, hindi sa kanyang katawan siyanga. Natubos na ang kaluluwa niya, hindi pa noon; isa ’yung tagapagturo, kita n’yo, ang batas. Ngayon ang sabi Niya, “Sinuman ang tumingin sa isang babae na may pagnanasa ay nagkasala kasama ang babae ng pangangalunya sa kanyang puso.” Ngayon ang sabi Niya, “Narinig ninyong sinabi nila, ‘Huwag kang papatay,’ ngunit sinasabi Ko sa inyo na ang sinumang napopoot sa kanyang kapatid nang walang dahilan ay pumatay na.”

149 Ngayon ang sabi Niya, sa madaling salita, tungkol sa sabbath, ang sabi Niya:

*Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at . . . nangabibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin sa inyong mga kaluluwa, sabbath para sa inyong mga kaluluwa. (Hindi sa katawang pisikal, sa inyong kaluluwa.)*

150 Ngayon, pakinggan—pakinggan n’yo ngayon si Pablo. Kung maaari lamang kayong . . . alam kong mainit at lahat, mainit po rin dito sa itaas, siyanga. Pero, ngayon, kunin na natin ito nang maigi ngayon para matiyak natin na magiging malinaw na ito. Ngayon, si Pablo, ay sumulat sa mga Hebreo. Sino ba ang mga Hebreo? Magsabi. Ang mga Judio. Tama ba? Ngayon, sila’y mga tagasunod ng batas, ang mga nangingilin ng sabbath. Tama ba? Tama ba, kapatid, mangangalar? Mga nangingilin sila ng sabbath, mga tagasunod sila ng kautusan. Sige.

<sup>151</sup> Ngayon, dinadala ni Pablo ang mga Judio, sa pamamagitan ng mga anino't tipo, ipinapakita kung ano ang tipo ng kautusan, "Ang kautusan ay anino lamang ng mabubuting bagay na darating," at nagpatuloy pa siya at itinipo ito sa isang punto na gaya ng buwan at araw. Kung papaanong ang—ang—ang buwan ay anino lamang ng araw na nagliliwanag sa iba pang bansa o sa iba pang mundo, at naaninag din ito rito. Ngayon, pero ngayon, at hindi ito maaaring, ang . . . Mga Hebreo 9.

<sup>152</sup> Ngayon, pansinin n'yo ngayon sa Mga Hebreo 4, dumating na Siya sa proposisyon tungkol sa sabbath. Ngayon tingnan natin:

*Mangatakot nga tayo, yamang, ang iniwang pangako na pumasok sa kaniyang kapahingahan, . . .*

<sup>153</sup> Ngayon, si Pablo ito na nagsasalita sa mga nangingilin ng sabbath noong panahong 'yun, ang mga tao na nangingilin sa araw ng sabbath. "Matakot nga tayo yamang may iniwang pangako sa atin ukol sa isang araw ng sabbath," sa madaling salita. O kung mapapansin n'yo 'yun sa mga tala riyon sa gilid, o ang "pangingilin ng sabbath." Sa akin po'y "j" ang marka, mula sa Bibliang Scofield, o ang "pangingilin ng sabbath." Kita n'yo? Sige.

*Mangatakot . . . tayo, yamang, may iniwang pangako . . . di nakaabot niyaon.*

*Sapagka't tunay na tayo'y pinangaralan ng mabubuting balita, gaya rin naman nila (noong nasa ilalim pa ng batas): nguni't hindi nila pinakinabangan ang salitang napakinggan, dahil sa walang kalakip na pananampalataya sa nangakarinig.*

<sup>154</sup> Ngayon, 'yun ay noong nasa ilalim pa ng kautusan. Wala silang pananampalataya, dahil walang pagbabatayan dito. Kita n'yo? Sige:

*Sapagka't tayong nagsisipanampalataya upang makapasok sa Kanyang kapahingahan, gaya ng sinabi niya, . . .*

<sup>155</sup> Ngayon, "Kanyang" kapahingahan. Ngayon, "Kanya," ito'y Kapahingahan ni Cristo. Siyanga, Kanyang Kapahingahan, Kanyang "sabbath." At sa tuwing gagamitin ko ang *kapahingahan*, ang nakasulat doon, gagamitin ko ang "sabbath" nang sa ganoon maunawaan n'yo ang tungkol sa pangingilin ng isang araw. Kita n'yo?

*Sapagka't tayong nagsisipanampalataya upang makapasok sa Kanyang sabbath, kapahingahan, gaya ng sinabi niya, . . . isinumpa sa aking kagalitan, (sa mga Hebreo) sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan: bagama't . . . (Ngayon, masdan n'yo si Pablo na ginawa itong banal na araw ng Diyos) . . .*

*bagama't ang mga gawa ay nangatapos mula nang itatag ang sanglibutan.*

*Sapagka't sa isang dako ay sinabi niya tungkol sa ikapitong araw bilang kapahingahan, o isang sabbath. . . (Tama ba? Ilalatag ko ito maya-maya, kita n'yo.)*

*Sapagka't sa isang dako ay sinabi niya (sa kautusan) ang ganito tungkol sa ikapitong araw, At nagpahinga sa ikapitong araw ang Dios sa lahat ng kaniyang mga gawa;*

<sup>156</sup> Hayan nga ang ikapitong araw. Ngayon, aminado si Pablo na ibinigay ito ng Diyos sa kanila, 'yun ang ikapitong araw. At nagpahinga nga ang Diyos sa ikapitong araw, pinagpala Niya ang araw ng sabbath, ginawa Niya itong banal, at dinalisay Niya ito, at ginawa ito na isang araw ng kapahingahan. Ginawa nga ng Diyos, pagkatapos ng lahat na Kanyang mga gawa.

*At sa dakong ito ay muling sinabi, Sila'y hindi magsisipasok sa aking kapahingahan. (Si Jesus ang nagsasalita.)*

<sup>157</sup> Ngayon, may isa pang sabbath sa kung saan. Saan ito? Ngayon, tandaan n'yo ito rito, "Kapahingahan ng Diyos," ang ikapitong araw na 'yun. Sabi ni Pablo, "Nagkaroon sila nun sa isang dako." Pero ngayon muli ay sinabi niya, "Kung sila'y papasok sa Aking Kapahingahan," tinutukoy natin dito si Jesus sa Mateo.

*Kaya't yaman na may natitira pang ibang dapat magsipasok doon, at sa kanila na mga pinangaralan nang una ng mabubuting balita ay hindi nangapasok . . . dahil sa pagsuway:*

*Ay muling, . . .*

<sup>158</sup> Ngayon makinig nang maigi! Lahat ng nakikinig, magsabi ng "Amen." [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pakinggan n'yo:

*Ay muling nagtangi siya ng isang araw, . . .*

<sup>159</sup> Nagtakda Siya rito ng isang araw. Ano 'yun? Sabay-sabay nating lahat na sabihin ito. Ang sabbath! Tama ba? Itinakda Niya ang ikapitong araw ng sanlinggo bilang isang sabbath sa dakong ito.

*Ay muling nagtangi siya ng isang araw, na sinabi sa mga awit ni David (sa Mga Awit), Ngayon, pagkatapos ng ilang panahon; (hanggang sa pagparito ni Jesus, kita n'yo, unang pagkakataon) . . . ayon sa sinabi na ng una, Ngayon kung . . . marinig ninyo ang kaniyang tinig, Huwag ninyong papagmatigas ang inyong puso. (may isa pang kapahingahan na darating; hindi pisikal, kundi espirituwal)*

160 Ngayon, masdan. Oh, sinasabi n'yo, "Kailan naman sa atin itong ikapitong araw, siyanga." Ngayon, pansumandali. Basahin natin ang susunod na talata, kita n'yo, huwag n'yong masyadong madaliin. Sige:

*Sapagka't kung ibinigay sa kanila ni Jesus...  
Sapagka't kung—kung ibinigay sa kanila ni Jesus ang  
kapahingahan, araw ng kapahingahan, ay hindi na sana  
niya sasalitain pagkatapos ang ibang araw.*

161 Noong binago Niya ang kautusan, mula sa kautusan patungo sa biyaya, hindi ba Niya sila bibigyan ng isang araw upang magpahinga, isang araw ng pahinga, isang araw? Pero wala Siyang sinabing anuman tungkol sa sabbath. Wala Siyang sinabing anuman tungkol sa Linggo, wala Siyang sinabing anuman tungkol sa Sabado. Subalit narito't ang sinabi nga Niya, ang sabi ni Pablo. Ngayon masdan n'yo, "May..." Sa ika-19... o sa ika-9 na talata:

*May natitira pa ngang isang sabbath ukol sa bayan  
ng Dios. (Ngayon 'yun!)...May natitira pa...isang  
sabbath ukol sa bayan ng Dios.*

*Sapagka't (ikaw o ako) ang pumasok sa kaniyang  
kapahingahan (Kapahingahan ni Jesus, "Magsiparito  
kayo sa Akin, kayong lahat na napapagal at  
nabibigatang lubha at kayo'y bibigyan Ko ng  
Kapahingahan"), siya (ikaw o ako) ay nagpahinga  
naman sa kaniyang mga gawa, gaya ng Dios sa kaniyang  
mga gawa sa pasimula.*

162 Amen! Hayan ang inyong sabbath. Tama ba?

*Tayo'y magsikap... (sabi ni Pablo)...ng pagpasok  
sa kapahingahang yaon, upang huwag marapa ang  
sinoman ayon sa gayong halimbawa ng pagsuway (ukol  
sa mga araw at iba pa, kita n'yo).*

*Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at  
matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang  
talim, at bumabaon hanggang...paghihiwalay ng  
kaluluwa...at madaling kumilala ng...at ng...  
(tingnan natin)...ng espiritu, at ng... (pansumandali  
lang)...paghihiwalay ng kaluluwa at ng espiritu, at...  
ng mga kasukasuan at ng utak, at... madaling kumilala  
ng mga pagiisip at ng mga haka ng puso.*

*At walang anomang nilalang...na hindi nahahayag  
sa kaniyang paningin: sapagkat ang lahat ng mga bagay  
ay hubad at hayag sa harapan ng Kanyang mata niyaong  
ating pagsusulitan.*

163 Ngayon, tingnan n'yo, nagpahinga ang Diyos sa ikapitong araw, nilikha ang ikapitong araw, ibinigay ito sa mga Judio bilang isang alaala. Si San Pablo ang tinutukoy ko ngayon, kita

n'yo, rito. Ngayon, sa tingin n'yo ba inilalahad niya Ito? Sa tingin n'yo ba'y mayroon siyang karapatan? Ngayon, anong sinabi niya sa Mga Taga-Galacia 1:8? "Kung ang isang Anghel mula sa Langit ay dumating at magturo sa inyo ng anumang ebanghelyo na iba sa sinabi ko, ay hayaan siyang sa inyo'y sumpain." Kita n'yo, malinaw ang mga ebanghelyo. Ngayon, masdan.

<sup>164</sup> "Buweno, Kapatid na Branham, ngayon anong gagawin ko, ang maniwala lang kay Jesus Cristo?" Hindi. Hindi 'yun ang Kapahingahan.

<sup>165</sup> Ngayon, kung gusto n'yong malaman kung anong. . . Ilan ang gustong makaalam kung ano ang Kapahingahang Cristiano, magsabi ng "Amen." [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, maaari n'yo itong markahan kung gusto n'yo, Isaias 28. Sabi niya, "Utos at utos—utos," haya't sinasaysay. "Utos at utos, bilin at bilin, dito'y kaunti at doo'y kaunti, at panghawakan ninyo ang mabuti." Nagsasalita rito ang propeta tungkol sa darating na panahon, patungkol sa Kapahingahan, sabbath. Basahin n'yo ang buong kabanata, kita n'yo, sinasabi niya, "Darating ang mga panahon kung kailan mawawala na ang araw ng sabbath," at magbebenta sila ng mga sapatos ng Sabado kung papaanong ginawa nila 'yun nang Lunes, o kung ano pa. Nakita n'yo? Sabi, "Kailan mangyayari ang panahong ito?" Sabi:

. . . *utos at utos; . . . bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti:* ingatan ninyo ang mabuti.

*Kundi sa pamamagitan ng mga taong may ibang pangungusap at may ibang mga wika ay sasalitain ko sa bayang ito.*

. . . *At ito ang sabbath, ang kapahingahan na sinabi kong dapat nilang pasukin. At sa lahat Nito ay pinatigas nila ang kanilang mga puso at iniling ang kanilang mga ulo at tinanggihan Ito. (Kapareho lang ng ginawa nila noong Pentecostes noong bumaba ang Espiritu Santo sa mga tao, at unang ibinigay ang Espiritu Santo sa mga tao noon doon sa Araw ng Pentecostes. Iyon ang Kapahingahan, ang sabbath sa mga tao ng Diyos). . .*

<sup>166</sup> Kaya ang tanging dahilan na pinangingilin natin ang Linggo, ay sinimulan ng mga sinauna nating magulang ng Biblia, sina San Pablo, Juan, Mateo, Marcos, Lucas, at lahat sila, nagbahay-bahay sila, nagkokomunyon sila sa unang araw ng sanlinggo kapag nagtitipon ang mga alagad, at tinawag itong, hindi isang sabbath, kundi ang araw ng Panginoon.

<sup>167</sup> Sabi ni Juan, sa Pulo ng Patmos, na opisyal nang naitatag sa iglesia, "Ako'y nasa Espiritu noong araw ng Panginoon." Tama 'yun. Kita n'yo? At pagkatapos ay kanyang nakita. . .

<sup>168</sup> At—at, ngayon, ang araw ng Panginoon ay—ay ang araw na nagbangon ang Panginoon. Ngayon, pumunta kayo't sipiin ang mananalaysay, na sina Josephus, Agabus, marami pang



iba, o, hindi Agabus, oh, hindi ko. . . Alinman sa mga unang mga manunulat nila noon, at malalaman n'yo roon. Ang mga mananalaysay ng kasaysayan ng iglesya, *Foxe's Book of Martyrs*, marami sa mga 'yun, at malalaman n'yo roon na ang tanging pagkakaiba. . . Isang grupo sila ng mga Judio. Ang isa sa kanila'y tinawag nilang "mga kanibal," 'yung mga Cristiano raw. Ang sabi nila, "May isang lalaking pinatay ni Poncio Pilato at dumating ang mga alagad at ninakaw ang katawan niya. At itinago nila ito, at tuwing—tuwing Linggo ay kinakain nila ang bahagi nito." Nagkokomunyon sila, kita n'yo. Kanila lamang. . . Kinakain nila ang Kanyang laman, kita n'yo. Ang sabi nila ay kinakain daw ng mga taong 'yun ang katawan ng Panginoon, ang komunyon. At hindi nila alam kung ano 'yun, at sabi niya, "Mga kanibal sila." Sabi, "Pumupunta sila't kumakain sa unang araw ng linggo, nagtitipun-tipon sila at kinakain ang katawan ng taong ito."

<sup>169</sup> At ang tanging paraan na masasabi mo kung sila ay mga tagatupad ng kautusan ay haya't mariing itinatangi ang pagkabuhay na mag-uli, o kung sila ba'y mga Cristiano at naniniwala sa pagkabuhay na mag-uli, nagsisimba ang isa ng Sabado at ang isa nama'y nagsisimba nang Linggo, na palatandaan sa pagitan nila.

<sup>170</sup> Medyo malupit 'yun, hindi ba? Sige. Sana'y nakuha n'yo ito. Ang Espiritu Santo'y. . .

<sup>171</sup> Ngayon, mayroon ka ba riyan, kapatid? Gusto mong. . . Gusto mo bang—gusto mo bang pumanhik at sagutin ito? Tingnan nga natin, sa bagay na 'yan. Oh, siyanga.

## **5. Magkakaroon pa ba ng pagkakataong maligtas ang mga Judio pagkatapos na magtapos ang dispensasyon ng mga Gentil?**

<sup>172</sup> Oh, naku, kung hindi ba't napakainam nito! Wala na tayong oras para matalakay ito nang talagang maigi, pero hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. At tanggapin n'yo ang salita ko, ipapakita ko sa inyo. Sa. . . Kung tatanggapin n'yo ang sasabihin ko (gaya ng pagpapaliwanag ko rito) sa Diyos, mangyari nga na pagkatapos ay saliksikin n'yo ito, kita n'yo, at pagkatapos ay malalaman n'yo. Dahil nakikinita ko. . . hindi ko nakikita 'yung orasan, pero nakikinita kong atrasado na. . . Anong oras na? Ano po? Kalahating oras makaraan ang alas nuwebe. Kailangan ko pang pumunta sa ospital, kailangan ko pang pumunta sa New Albany, at kailangan naming bumangon ng dalawampu't limang minuto makaraan ang alas tres ng umaga. Kaya. . . At hindi pa ako nahihiga sa kama nang hindi lampas ng alas dos o alas tres bawat gabi ngayong linggo.

<sup>173</sup> Ngayon ay pansinin n'yo rito, bibilisan na po, para matapos ito. Oo, mahal kong kaibigang Cristiano, tapos na ang araw ng mga Gentil, patapos na ngayon. At babalik na ang Diyos sa

Judio. At hayaan n'yong sabihin ko ito sa munting iglesyang ito na palagi kong idinadalangin. At mga propesiya sa iba't ibang panig ng bansa, na dumadagsa rito patungkol dun. Naniniwala akong ang Judio. . . Ngayon, panatilihin n'yo ang atensyon n'yo pansumandali, ngayon.

<sup>174</sup> Hindi kailanman kayang isipin ng Judio ang isang bagay na ito ukol sa iglesyang Cristiano. Sabi ng Judio sa akin, marami nang beses, "Kapatid, hindi mo maaaring pagputul-putulin ang Diyos sa tatlong bahagi at ilalatag mo Siya sa akin." Isa lang ang Diyos ng Judio, at 'yun ay si Jehovah.

<sup>175</sup> At labis na nagkamali ng pagkaunawa roon ang Gentil, na anupa't umabot sa itinuturo niya ito sa ibang paraan, gayon pa man, may kaalaman. Naniniwala akong siya'y—siya'y may—may konsepto ukol dito, na walang tatlong diyos. Isa lang ang Diyos, tatlong kahayagan. Tatlong personalidad ng isang Persona. At kapag nakuha n'yo ang mensahe, sabi ko kay Hyman Appleman. . . Marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya. Ang sabi niya, "Kapatid na Branham, kung dadalhin mo ang mensaheng 'yan sa Palestina kaakibat ang mga tanda't mga kababalaghan," sabi, "isang milyong Judio ang tatanggap kay Jesus Cristo bilang personal na Tagapagligtas." Kita n'yo, siyanga. Ngayon, sabi ko. . .

<sup>176</sup> Narito ang Mensahe na mayroon tayo rito. Si Jesus ay si Jehovah na nakatabing sa laman, bumaba na nakatabing. Ngayon, ang Diyos (Ama, Anak, at Espiritu Santo) ay hindi parang daliri natin, na isa-isa, gaya ng iniisip ng ilang tao. Ang buong bagay ay para bang. . . Hindi, ang Diyos ay. . . Kapapaliwanag ko lamang ito kanina, kita n'yo, na hayan ang trinidad sa Isa.

<sup>177</sup> Ako ay trinidad sa isa. Ako ay kaluluwa, katawan, at espiritu, sa isang tao. Tama ba? Tunay. Ako'y—ako'y binubuo ng—ng mga selyula, dugo, mga ugat, at sa kabila n'yan ay iisang nilalang lang. Kita n'yo? Ang kabuoang ito na tinitingnan n'yo ay isang trinidad, siyanga't isang trinidad sa isa.

<sup>178</sup> May trinidad doon sa daong. Ang ilalim na palapag, ang mga gumagapang na bagay; ang ikalawang palapag ay para sa mga ibon, mga lumilipad na bagay; at ang ikatlong palapag ay para kay Noe at sa kanyang pamilya. Ang kabuoan!

<sup>179</sup> Sa tabernakulo. Naroon ang kongregasyon, ang dakong banal, ang dakong Kabanal-banalan. Kita n'yo?

<sup>180</sup> At nagkaroon ng tatlong dispensasyon. Ang pagka-Ama, ang pagka-Anak, at ang dispensasyon ng Espiritu Santo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Pero ang tatlong 'yun sa kalahatan. . . Hindi natin sinasabi, "mga Diyos namin." Pagano kapag ganoon, at alam 'yun ng mga Judio. Pero kung maipapaunawa mo sa kanya na ang Jesus na ito AY ang Diyos, ang Diyos na Jehovah, hindi isang ikalawang persona o

isang ikatlong persona, ito'y ang iisang Persona sa tuwina na inihahayag ang Kanyang Sarili. Kita n'yo? At pagkatapos ay may mga tanda at mga kababalaghan para patunayan na nagbangon si Jesus mula sa mga patay.

181 At si Doktor Reidhead po . . .

182 Ang kapatid diyan sa likod, ang tagapagturo sa simbahan, guro sa, guro sa paaralan, dito sa simbahan ngayong gabi, nakita ko siya, at kinamayan ko kasama ang kanyang maybahay at anak diyan. Naroon siya para pakinggan siya na mangaral noong isang gabi. Sa tingin ko'y narito sila, kung hindi pa sila umalis, sa tingin ko'y isa siyang guro roon sa paaralan sa Louisville. Ganoon pa man, naparoon sila para makapakinig sa kanya.

183 Ito'y hindi pangkaraniwan, pumunta 'yung tao sa bahay ko, siya at isa pang (at isang Judio), ilang buwan na ang nakalipas. At sabi niya, "Kapatid na Branham, mayroon akong *ganitoganoong* karaming digri sa Bob Jones. Ako'y . . . nagtapos sa Wheaton." Lahat na ng edukasyon na maaaring itambak sa kanya! Sabi, "Naniwala ako sa Diyos magmula noong bata pa lang ako." At sabi, "Ganoon pa man ang buhay ko'y walang laman pa rin!" Sabi niya, "Nagkamali ba ang mga guro?"

184 At narito ang pagkaunawa. Kung mayroon mang . . . Kung naparoon ang ilan sa inyo sa Open Door noong isang gabi, noong naroon kaming lahat na nangangaral. Sabi niya, "Noong maibigay sa akin ang pahintulot . . ." Ngayon, makinig kayo, munting tabernakulo, dahil nga sa inyong mga panalangin at mga bagay na nakatulong, pakinggan n'yo ito. Sinabi niya 'yun sa akin bago pa, dito sa bahay.

185 Pumunta siya sa bahay ko, sabi niya, "Kapatid na Branham," sabi, "Natigilan ako." Sabi niya, "May bagay pa bang hihigit kaysa rito sa pinaniwalaan ko at tinanggap, si Cristo bilang sarili kong Tagapagligtas? At naniniwala akong ipinanganak na akong muli ng Espiritu, subalit wala akong patotoo ukol sa anuman."

186 Sabi ko, "Kapatid, ayaw ko man sabihin ito, nilinlang ka ng mga guro, sa iyong pagi-eskuwela."

187 Tingnan mo, gaya ng masasabi ko—masasabi ko, hindi ako naniniwala na bubuklat-buklat ka lang ay patungo ka nang Langit: "Naniniwala ka ba rito?" sa mga iglesya, "Ngayon, dito, na sige't bubuklat ako rito, sinasabi ng—ng Biblia ay *ganito*, naniniwala ka ba roon?" Ang diyablo man ay naniniwala at nanginginig pa! Wala ito sa kung ano ang pinaniniwalaan mo. Kinakailangang nagpapatotoo ang espiritu n'yo sa Kanyang Espiritu na kayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos, sa pamamagitan ng maipanganak kayong muli at natanggap n'yo ang bautismo ng Espiritu Santo.

188 Sabi niya, "Kapatid na Branham, ano ang palagay mo tungkol sa mga Pentecostal?"

189 At sabi ko, “Yan ang dahilan kung bakit nakikipag-ugnayan ako sa kanila. Yan ang dahilan kaya ako’y—ako’y sumasama sa kanila, mayroon silang bagay na wala kayo.” Sabi ko, “Sa kanilang pagkapanatiko at lahat na, mayroon silang isang katotohanan na wala kayong nalalaman tungkol dun.” At kausap ko ang isa sa pinakamahuhusay na lalaki sa Amerika, noon mismo. Siyanga, po. Siya ang presidente ng Sudan Missions, ang pinakamalaki sa buong mundo, pundamental hanggang sa kaibuturan. Kabisado niya ang mga Kasulatan, at ang *kamatayan, paglilibing at pagkabuhay na mag-uli*, talagang ipinapangaral itong gaya ng isang nagliliyab na bahay. Pero hindi ’yun Ito. Kaya ring gawin ’yun ng diyablo, siyanga naman. Ang diyablo ay ganoon din kapundamental kung tutuusin.

190 Pero, kapatid, ang sabi ni Jesus Cristo, “Maliban na ang isang tao’y maipanganak ng Espiritu ng Diyos ay hindi niya makikita ang Kaharian ng Diyos.”

191 Hindi lang dahil sinasabi n’yo, “Oo, naniniwala ako roon. Oo, ako’y—ako’y naniniwala sa ganyan ngang paraan. Naniniwala ako riyan. Oo.” Hindi ’yun ang gagawa nun. Kinakailangan na ito’y aktuwal na karanasan ng bagong Kapanganakan. Kinakailangan na ito’y isang bagay sa pagitan n’yo at ng Diyos na alam n’yong lumipat na kayo sa Buhay mula sa kamatayan.

192 Sabi, “Kapatid na Branham, maaari ko bang matanggap ang Espiritu Santo?”

193 Sabi ko, “Pinatungan lang ng mga kamay si Hyman Appleman doon, at natanggap na niya ang bautismo ng Espiritu Santo.”

194 Itong isa pang Judio ay nagsimulang umiyak, at nabasag niya ’yung baso na nakapatong sa munting lamesa roon, at umiyak na bumaha ang luha roon. Sabi nilang dalawa, “Kapatid na Branham, paano ba namin matatanggap ang Espiritu Santo?” Mga iskolar ’yun! Pinaka madudunong, matatalino! Ang pinaka mahuhusay na mayroon sa bansa!

195 At sabi ko, “Ang apostolikong paraan ng pagtanggap sa Espiritu Santo ay pagpapatong ng mga kamay sa kanila.” Siyanga.

196 “Pagpapatong ng mga kamay.” Dumating si Ananias para patungan ng mga kamay si Pablo para matanggap niya ang kanyang paningin at mapuspos ng Espiritu Santo.

197 Nagpunta si Felipe at nangaral doon, at binautismuhan ang isang buong grupo sa dako roon sa Pangalan ni Jesus Cristo. Hindi pa dumating ang Espiritu Santo sa kanino man, dahil nakay Pedro ang mga susi. At pumunta siya, at pinatungan niya sila ng mga kamay, at tinanggap nila ang Espiritu Santo. Tama ba?

198 Si Pablo, sa Mga Gawa 19, pagkatapos niyang dumaan. Si Apolos, na tumitipo kay Billy Graham doon, siya'y nagdaraos ng isang napakalaking rebaybal at isang kaaya-ayang panahon. Sabi ni Pablo, "Tinanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo mula nang kayo'y manampalataya?" sa grupong 'yun ng mga Baptist.

199 Sabi nila, "Mga tagasunod kami ni Juan. Alam namin! Si Apolos ang mangangaral namin, isa siyang napagbagong-loob na abogado, pinakamatalinong tao sa bansa."

200 Sabi niya, "Pero tinanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo mula nang kayo'y manampalataya?"

Sabi ng lalaki, "Hindi nga po namin alam na mayroon palang Espiritu Santo."

Sabi, "Kung ganoo'y paano kayo nabautismuhan?"

Sabi, "Nabautismuhan kami sa bautismo ni Juan."

201 Sabi, "Nagbautismo siya sa pagsisisi, na sinasabi na manampalataya kayo sa Kanya na darating, kay Jesus Cristo." At nang kanilang marinig Ito, sila'y binautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. At ipinatong ni Pablo ang kanyang mga kamay sa kanila at tinanggap nila ang Espiritu Santo, nagsimulang magsalita ng mga wika at magpuri sa Diyos. Kasinglinaw 'yun ng pagkakaalam ko sa Kasulatan.

202 Ngayon, tingnan n'yo, kaibigan! Marahil ay may kauting pagkakaiba rito sa inyong mga opinyon, dahil nagkalito-lito na tayo sa lahat ng bagay. Pero ilatag natin ito, huwag n'yong piling ilagay ang sariling interpretasyon n'yo. Sabihin n'yo lang ang sinasabi ng Biblia, basahin lamang Ito sa ganitong paraan.

203 At sabi ko, "Ang tanging alam ko, mga kapatid, ay ang patungan ng mga kamay ang mga nag-aasam ng Espiritu Santo."

204 Sabi niya, "Maaari mo bang patungan ng mga kamay at—at hilingin sa Diyos na pagpalain kami at ipagkaloob sa amin ang Espiritu Santo?"

205 Sabi ko, "Gagawin ko." At lumuhod kami sa sahig, at nanalangin ako at pinatungan sila ng mga kamay. At mga ilang linggo pagkatapos nun, tinanggap nila kapwa ang bautismo ng Espiritu Santo. At noong matanggap ni Doktor Reidhead ang bautismo ng Espiritu Santo, ay dumating ang pagsasalita ng iba't ibang wika. Siyanga, po.

206 At sabi ng Sudan n'yong mga kamay, "Wala kaming lugar para sa isang tao na magsasalita ng mga wika."

207 At pinuntahan niya ako't ang sabi, "Isang nagsasalita ng mga wika?"

208 "Aba, aba," sabi ko, "wala silang lugar kung ganoon para kay Jesus Cristo, dahil nagsalita noon si Jesus sa hindi kilalang

mga wika; at namatay, na nagsasalita pa rin ng mga di-kilalang wika.”

<sup>209</sup> Hindi nila matatanggap ang mga turo ni Pablo, nagsalita si Pablo ng mga wika nang higit kaysa sa kanilang lahat.

<sup>210</sup> Sabi ng isa sa akin kahapon, sabi, “Mas gugustuhin kong magsalita ng limang salita na nauunawaan ko.”

<sup>211</sup> Subalit ang sabi ni Pablo, “Masikap n’yong naisin ang propesiya, at huwag n’yong ipagbawal ang pagsasalita ng mga wika.” At pinagbabawalan silang magsalita ng mga wika!

<sup>212</sup> Ang pagsasalita ng mga wika ay isang Makalangit na kaloob ng Diyos na para sa iglesya na ganoon pa rin hanggang ngayon kung paano noon sa pasimula. Katotohanan mismo ’yan. Oo, tunay nga! Ganoon ang turo ng Biblia. Ito’y isang Makalangit na kaloob, at tinatanggihan n’yo ’yun kung paanong inyong—inyong tinatanggihan ang bagong Kapanganakan, tinatanggihan n’yo ang lahat ng bagay na itinuro ni Jesus kapag sinusubukan n’yong putulin ’yun.

<sup>213</sup> Ngayon, maaaring mawalan kayo ng kontrol sa sarili ukol sa bagay na ’yan, marami nga sa kanila ang ganoon. Pero sinisikap kong sabihin, “May lugar para dun.” Para ba itong isang pares ng sapatos; kapag bumili kayo ng isang pares ng sapatos, nasa loob noon ang mga dila. At tama ’yun. Kapag kayo’y nasa Katawan na ni Cristo, inihanda na ng Diyos ang hapag nang sagana, rito. Siya’y may pag-ibig, Siya’y may kagalakan.

<sup>214</sup> Kung pupunta ako sa inyong hapag, mauupo roon, at sasabihin n’yo, “Mangangaral, halika’t kumain kasalo ko,” Naniniwala akong mahal n’yo ako. At mayroon kayong gisantes at mga patatas at mga karot at pritong manok at pastel na kalabasa at sorbetes, lahat ng nakahain dun. Aba, naniniwala akong maaari akong kumuha ng patatas kung papaanong maaari ako sa gisantes. Ang tanging bagay, naniniwala akong maaari akong kumuha ng manok gaya ng kung papaanong maaari ako sa pastel. Nakahain itong lahat sa mesa. At ang tanging bagay na kailangan kong sabihin, “Maaari mo bang iabot sa akin ang ilang pastel?” At naniniwala ako nang may mabuting malayang puso, sa pagmamahal n’yo sa akin, na sasabihin n’yo, “Oo naman, kapatid ko, kumuha ka lang ng malaking piraso nito.” Tama ba? Kung sasabihin ko, “Maaari mo bang iabot sa akin ang patatas?” “Aba, sige lang, kapatid ko, heto.”

<sup>215</sup> At bawat pagpapala ng pagtutubos na kaakibat sa pagkamatay ni Jesus Cristo at binili ng Kanyang pagtutubos sa Kalbaryo, nakalapag ito sa mesa at nakaupo ang bawat mananampalataya sa harap nito. Hallelujah! Kung kailangan ko ng kagalingan, sasabihin ko, “Ama, abutan Mo po ako ng kagalingan,” at ibubuhos ko ito sa aking plato at kakain ng isang maganang. . . Ngayon, kung gusto n’yong mamatay nang

gutom, sige. Siyanga, po. At kung propesiya man, pagsasalita ng mga wika. . .

216 At—at pagkatapos isinulat nung tao roon, hindi niya alam na nagsalita na ako. . . nakapagsalita na mismo ako ng mga wika. At isinusulat niya ang libro na ito, makikita n'yo na bubulabugin nito ang mga bansa. At bukod pa roon, ang lalaking ito'y may dalawampu't limang katangi-tanging ministro ng Moody Bible Institute na naghahangad ng kaloob ng pagsasalita ng mga wika. Talagang nabulabog ang mga pundamental. Ang *The Christian Life*, nitong—nitong buwan, tingnan n'yo ang magasin na *Christian Life* ngayong buwan, sa pahina disa nuwebe, at tingnan n'yo ang mahusay na doktor ng dibinidad na 'yun, na nagsabi, "Tatanggapin ba natin ito? May nawala ba sa atin?"

217 Sadyang naririnig ko na ang kasaganahan ng ulan na paparating! May mga taong binabaluktot ito sa may sulok, pero humantong na sa punto na niyayanig na ng Diyos ang daigdig ng mga Gentil sa bautismo ng Espiritu Santo, ibinubuhos Ito sa kabuoan Nito't mga kapangyarihan at mga tanda't mga kababalaghan. Ang dahilan kung kaya nagdaraos ako. . . naisantabi na kasi ang Pentecostes doon sa sulok at nagwawala na sa iba't ibang mga bagay kagaya nun, hindi pa hinog ang panahon. Yun ang dahilan kung bakit mayroon sila ng lahat ng mga kapanatikuhang ito. Pero 'yun ang Makalangit na pangako ng Diyos at Makalangit na Salita ng Diyos, at tiyak na matutupad Ito dahil tapos na 'yung salitain ng Diyos. At naniniwala akong bago mismo ang pagtatapos ng dispensasyon ng mga Gentil na bubuhos ang Diyos sa mga pundamentalista.

218 Mababasa n'yo ito sa *Reader's Digest* ngayong buwan, sa isyu nito nitong Agosto. Tingnan n'yo 'yun, kung papaanong 'yung mangangaral ng Methodist sa dako roon sa pulpito, nananalangin para dun sa lalaking nakahimlay roon na naghihingalo na sa isang highaan doon sa ospital, at dumating ang patotoo ng Espiritu Santo at gumaling kaagad 'yung lalaki. Hallelujah! Tunay. May nakahain ang Diyos na Makalangit na pagpapagaling dito sa hapag! May nakahain Siyang propesiya sa hapag dito! Mayroon Siyang pagsasalita ng mga wika sa hapag dito! Mayroon Siyang siyam na kaloob na espirituwal sa Katawan, at malugod kayong tinatanggap sa bawat isa sa mga 'yun! Hallelujah! Siyanga, po, heto na.

### **Mangyayari ba. . . Sa pagtatapos ng Gentil, ibalik ba ang mga Judio?**

219 Opo, ginoo. Maraming mga Kasulatan, babaing kapatid, lalaking kapatid, kung sino man ito. Isa na riyang ang Joel, "Ang iniwan ng tipaklong, ay kinain ng kuliglig," at iba pa, 'yung punongkahoy na 'yun. At sinabi Mismo ni Jesus kung papaanong tatanggihan sila at lahat. Oh, ang buong Kasulatan, sa Daniel at sa lahat ng dako, ay nangungusap ukol dito.

Oo, sabi ni Jesus, “Kapag nakikita n’yo ang punongkahoy ng igos na nagkakausbong na, malalaman n’yong malapit na ang panahon.”

Naniniwala akong ang isang ito’y may kaugnayan dito:

**6. Naniniwala ka ba na ang pagbabalik ng mga Judio—ng mga Judio sa Palestina ay isang katuparan ng propesiya ng Biblia? Nabalitaan namin na pupunta ka sa Palestina, totoo po ba?**

<sup>220</sup> Opo. Siyanga, po. Hayaan n’yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, isa sa pinakadakilang. . . Kung gusto n’yong makita kung anong oras na ng taon, tumingin kayo sa kalendaryo. Kung gusto n’yong makita kung anong oras na ng gabi, tumingin kayo sa orasan. Kung gusto n’yong makita kung anong oras na ang kinabubuhayan ninyo, tingnan n’yo kung nasaan na ang mga Judio. Yun ang orasan ng Diyos.

<sup>221</sup> At tingnan n’yo! Noong mismong gabi, noong mismong araw, na kinatagpo ako ng Anghel ng Panginoon, 1946, noong ikapito ng Mayo, doon sa Green’s Mill, Indiana, sa parehong araw na nilagdaan ang kasunduang pangkapayapaan para sa mga Judio at tinanggap sila na isa nang bansa sa unang pagkakataon sa loob ng dalawampu’t limang daang taon. Hallelujah!

<sup>222</sup> At, ngayong gabi, ang pinakamatandang bandila sa buong mundo, ang anim-na-tulis na bituwin ni David, ay wumawagayway na sa Jerusalem sa unang pagkakataon sa dalawampu’t limang daang taon, mula nang pagdadala sa kanilang roon sa Babilonia. Sabi ni Jesus, “Kapag nakita na ninyo ang punongkahoy ng igos na nananariwa na ang kanyang sanga.” Hayan na siya! Sabi Niya roon, “Pag-aralan n’yo ang isang talinghaga. Sinasabi n’yo ‘malapit na ang tag-araw.’ Kapag nakita n’yo na ito, malalaman n’yong ang panahon ay napipinto na.” Nasa mismong katapusan na tayo ng panahon.

<sup>223</sup> Tingnan n’yo kung papaanong ang “kasuklam-suklam” diyari sa Daniel, at iba pa, alam n’yo, noong sabihin ni Jesus. “Kapag dumating na ang dakilang Prinsipe, magpropesiya Siya nang—nang isang libo’t dalawang daan at tatlong makadalawampung araw,” na tatlong taon at anim na buwan. At ’yun mismo ang ipinangaral ni Jesus. Dumating Siya mismo sa mga Judio, saka pagkatapos ay papatayin Siya bilang isang—isang hain para sa mga tao. “At ang kasuklam-suklam na naninira,” ’yun ang Moslem ni Omar na itinayo ng mga Mohammedan doon. “At yuyurakan nila ang mga pader ng Jerusalem hanggang sa” (whew! Hanggang ano?) “matupad ang dispensasyon ng mga Gentil.” At pagkatapos ay muli Siyang babalik sa mga Judio, at doon nga na ang Digmaan ng Armagedon ay. . . At tinawag Niya ang mga Gentil, para kumuha ng isang bayan para sa Kanyang Pangalan, ang Kanyang Nobya. Pansinin n’yo. Siyanga, po. Ang sandaan at apatnapu’t apat na



libo'y pawang mga tinubos na Judio na kailangang tumayo roon sa darating pa na panahon. Ang lahat ng mga ito . . .

224 Pagkatapos kapag aagawin na ang Iglesia pataas, lilitaw sina Moises at Elias, sa Apocalipsis 11, at ipangangalar si Jesus Cristo sa kanila. At kukunin ang Espiritu Santo mula sa mga Gentil, at darating ang Pag-agaw upang agawin paitaas ang Iglesia. At ang mga Judiong naiwan dito'y pangangaralan nang tatlo't kalahating taon, dahil sabi niya, "May pitumpung sanlinggo pang itinakda sa Iyong bayan, at mahihiwalay ang Mesiyas sa pagitan ng mga 'yun." Kapag kinuha na Siya, bibigyan ng pagkakataon ang mga Gentil, at pagkatapos ay may tatlong taon at kalahati pa sila para mapangaralan, ng tungkol kay Jesus Cristo.

225 Tiyak, darating na ang mga Judio. At naniniwala ako, kapatid, na pagdating natin sa Palestina sa pagkakataong ito . . . Oh, manalangin kayo! Binabasa na nila ang Biblia.

226 Isang pangungusap na lang, tapos mayroon akong munting, maikling tanong dito, at 'yun nang lahat ang mga ito. Sa tingin ko'y panalangin ang isang ito rito.

227 Tingnan n'yo ito! Sabi ni Doktor Reidhead, nakatayo siya roon na kausap ang isang matalinong Mohammedan . . .

228 Ngayon, ilapit n'yo ang inyong mga tainga. Isang Mohammedan, napalapit ko ang mga nasa dalawampung libo nila sa Panginoong Jesus noong nakita nila ang mga tanda't mga kababalaghan doon sa Aprika. Ito . . . O, hindi, hindi dalawampung libo; talumpung libo lahat-lahat. Sa palagay ko'y sampung libo sa kanila ang lumapit, dahil ang nakararami dun ay-ay Mohammedan. At noong tumayo sila roon, at sinabi ko, "Sino ba sa inyong mga propeta sa templo ang makapagpapagaling sa lalaking ito?" Sabi ko, "Alin sa inyong mga diyus-diyosan, sa mga katutubo, ang makapagpapagaling sa lalaking ito?" Sabi ko, "Wala ni isa sa kanila! Walang propeta sa templo . . . at walang pari, pala." At sabi ko, "Walang diyos-diyosan ang makagagawa nito. At maging ako man. Pero ibinangon ng Diyos ng Langit ang Kanyang Anak na si Jesus Cristo Na nabubuhay sa gitna ng mga tao sa panahong ito, na Siyang ganap na nagpagaling sa kanya gaya ng nakikita n'yo ang lalaking ito na nakatayo." Isang lalaking may kadena sa kanyang leeg, kinailangan siyang akayin dun na tulad sa isang aso. Sa isang minuto lang ay nakatayo na sa kanyang mga paa, normal at magaling na.

229 At sinabi sa akin ni Doktor Reidhead noong isang gabi noong nakaupo kami roon sa kotse, sabi niya, "Oh, grabe!" habang binubulay 'yun. Sabi niya lumapit daw sa kanya ang Mohammedan na ito, at sabi kausap niya ang Mohammedan na ito, isang napakatalinong tao. Sabi niya, "Buweno, ginoo, bakit

hindi mo pa talikuran ang malaon mo nang patay na propeta, na si Mohammed?”

<sup>230</sup> Ngayon, tandaan n’yo, naniniwala ang mga Mohammedan sa Diyos. Doon sa—sa Aprika, isang malaking “bong,” isang “dong,” ang nakasabit nang paganoon. At kumukuha sila ng isang napakalaking malyeteng goma at hinahampas ito nang paganoon, at tumutunog ito sa buong lalawigan. At tumitigil ang bawat Mohammedan, at lalabas ang pari roon sa itaas ng templo, at magsasabi “May isang tunay at buhay na Diyos, at si Mohammed ang Kanyang propeta.”

<sup>231</sup> Mga anak ’yun ni Ismael. Kita n’yo, si Hagar, mga anak sila ni Abraham mula kay Hagar. Kita n’yo? Naniniwala sila sa isang tunay na Diyos na Jehovah, pero iniisip nilang si Jesus. . . (Yun ay. . . Siya ang *ating* Tagapagligtas, na ipinadala sa mga Gentil mula sa babaing malaya; si Isaac, kita n’yo, at sa pamamagitan ni Sarah). At ngayon, sila’y galing kay Hagar, si Ismael, at kaya nagkaroon ng mga Mohammedan.

<sup>232</sup> At sa libingan ni Mohammed, dapat n’yong tingnan, kapansin-pansin ito, ang malaki niyang libingan doon. At sa loob ng dalawang libong taon ay may isang puting kabayong may angkasan, na nakaantabay roon. Si Mohammed ay nangakong babangon daw siya mula sa mga patay balang araw at sasakay sa kabayong ’yun at sasakupin daw ang mundo. At bawat—bawat sandali ay nagpapalit-palit lang sila ng kabayo; naghihintay roon kasama ang isang tapat na bantay, nakatayo, na hinihintay si Mohammed na bumangon mula sa mga patay. Dalawang libong taon na ang lumipas magmula noon.

<sup>233</sup> Naniniwala sila kay Jesus, sabi nila isa raw Siyang propeta. Sa mga pader ng lumang Jerusalem ay may isang napakalaking dambanang itinayo, na pupuntahan daw ni Mohammed. At may isang napakaliit na dambana sa dako rito, na para naman kay Jesus. Kita n’yo, sabi nila, “Hindi ipinako sa krus si Jesus, nagkandalabo-labo nila ang kuwento.” Sabi, “Sumakay siya sa isang kabayo at umalis.” Kita n’yo? Ngayon, ganoon ’yung kanilang—kanilang paniniwala.

<sup>234</sup> Mayroon silang pulang tuldok sa pagitan ng mga mata nila. Ang mga tao riyan na pupuntang India, mapapansin n’yo ’yun. Grabe, tatayo sila roon na libo-libo ang bilang.

<sup>235</sup> At tapos sabi ni Doktor Reidhead na nakatayo raw siya roon, at sabi niya, “Ngayon, bakit hindi mo pa talikuran ang iyong malaon nang patay na propeta at tanggapin ang Isa Na bumangon mula sa mga patay, isang buhay na Cristo?” Ngayon, isa itong iskolar at alam niya kung paano niya isasaayos ang mga pananalita niya.

<sup>236</sup> Sabi’y tiningnan daw siya ng Mohammedan, (matalino, edukadong tao, dito mismo sa Amerika, nakapag-aral dito) sabi niya, “Ginoo, mabuting ginoo, ano ba ang magagawa para

sa akin ng iyong nabuhay na mag-uling Jesus ng higit kaysa sa ginawa ng patay kong propeta?” Sabi, “Nangako sa akin ang patay kong propeta ng Buhay pagkatapos ng kamatayan. Ganoon din ang ipinangako ng inyong Jesus.” Buweno, mayroon nga siyang punto. Sabi, “Ngayon, pareho silang sumulat ng isang aklat. Naniniwala ka roon sa isinulat ni Jesus, naniniwala naman ako roon sa isinulat ni Mohammed. Pareho silang nangangako ng Buhay.” Sabi, “Ano ba ang magagawa para sa akin ng Jesus mo na higit kaysa sa magagawa ng aking—aking Mohammed?” Ngayon, ’yung lalaki, sa mga payak na katotohanan na ’yun, sa katotohanan na ’yun. Sabi niya, “Sandali lang, mabuting ginoo.” Sabi niya, “Hindi kailanman nangako ang aking Mohammed ng mga bagay na gaya ng ipinangako ng inyong Jesus. Nangako ang inyong Jesus. . . Sabi nila, ‘Nagbangon Siya,’ at sasamahan daw Niya kayo sa lahat ng oras, hanggang sa katapusan ng mundo; at ang parehong mga tanda’t mga kababalaghan na ginawa niya, ay gagawin din naman ninyo, hanggang sa katapusan ng mundo. Pagagalingin ninyo ang mga maysakit, at bubuhayin ang mga patay, at lilinisin ang mga ketongin, at magpapalayas ng mga demonyo.” Sabi, “Pinag-aralan ko ang Cristianismo, nang maigi.” Sabi, “Ngayon ipakita n’yo nga sa akin na mga tagapagturo si Jesus Cristo, at paniniwalaan kong nagbangon siya mula sa mga patay. Pero, labas dun. . . hindi kailanman nangako si Mohammed sa amin ng mga gayong bagay, nangako lang siya sa amin ng Buhay pagkatapos ng kamatayan. At ganoon din mismo ang parehong bagay na itinuturo n’yo, at nilalaktawan ’yung isa.” Tama naman ’yung lalaki, tama nga mismo ang Mohammedan.

<sup>237</sup> Sabi ni Doktor Reidhead na tumayo raw siya at umiyak. Sabi, “Kapatid na Branham, naisip kita.” At nagmamadali siyang nagpunta dito, at pumasok doon, at pinatungan ko siya ng aking mga kamay, at bumaba ang bautismo ng Espiritu Santo sa kanya. At ngayon nakakakita pa nga siya ng mga pangitain at lahat. Ngayon hayaan n’yong makaharap niya ulit ’yung Mohammedan! Siya’y iba nang tao!

<sup>238</sup> Sinasabi kong nabuhay mula sa mga patay ang ating Jesus, nabubuhay Siya ngayon. At ginagawa Niya ang ganoon pa ring mga bagay ngayon na ginawa Niya noon, lahat ng uri ng mga tanda’t mga kababalaghan. At kayong mga pundamental ay nauupo lang na sinusubukang ipaliwanag iyon nang salungat, at hindi nakikita ang pinaka pundamental na bahagi ng Biblia. Ganoon nga mismo. Si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos na nabuhay na mag-uli, ay nakakapagsalita ng iba’t ibang mga wika sa pamamagitan n’yo, nakakapagpropesiya Siya sa pamamagitan n’yo, nakapagpapakita Siya ng mga pangitain sa pamamagitan n’yo, nakakapagpaliwanag Siya ng mga hindi kilalang wika sa pamamagitan n’yo. At lahat ng ’yun ay bahagi Niya.

<sup>239</sup> At ang kunin ang bahagi Niya na *ito* at iwan ang bahagi Niyang *iyon*, ay para bang hinahati ako sa dalawa't kinukuha ang balakang ko at mga binti ko pababa at sinasabing nasa inyo na ako, gayong ayaw n'yong tanggapin ang bahaging *ito*.

<sup>240</sup> Alinman sa tatanggapin n'yo ako nang buo... Yun ang dahilan kung kung bakit isa akong mangangaral ng buong-Ebanghelyo na naniniwalang ang lahat ng sinabi ng Diyos ay Katotohanan. Amen! Maluwalhati! Pakiramdam ko'y isa akong holy-roller ngayon mismo. Siyanga, po. Naniniwala ako Rito!

**7. Mateo 24:29, binabanggit nito na “Magdidilim ang araw, ang buwan ay hindi magbibigay ng kanyang liwanag, at mahuhulog ang mga bituwin mula sa langit.” Mangyayari ba ito bago o pagkatapos ng Pag-agaw, o bago lamang dumating si Jesus upang m-g-... maghari sa lupa?**

<sup>241</sup> Sa aba kong paniniwala, ngayon, hindi ko... hindi ko alam, sa tingin ko'y tinutukoy niya ang Mateo 24, doon. Ngayon, binabanggit ni Jesus ang mga bituwin at ang mga bagay na mahuhulog, naniniwala akong 'yun ay bago mismo magsimula ang Panahon ng Kapighatian sa lupa.

<sup>242</sup> Ngayon, may talagang kakatwa akong naiisip dito na marami sa inyo ang hindi sasang-ayon sa akin tungkol dito, aba, para ko nang nakikinita ang ilan sa mga datihan na narinig n'yo na ang turo na nadaanan na natin noon. Kita n'yo, hindi ako naniniwalang dadaan ang Iglesia sa Panahon ng Kapighatian. Naniniwala akong ang Iglesia ay... Tingnan n'yo, ako... Ang tanging paraan ko ng pagtuturo sa Bagong Tipan ay sa pamamagitan ng anino ng Lumang Tipan, katulad na lamang ng Espiritu Santo rito para sa araw ng sabbath at iba pa. Ang lahat ay anino noon.

<sup>243</sup> Ngayon, balikan n'yo ang Lumang Tipan. Kung saan makikita n'yong nagbabagsakan ang mga salot, naroon sila noon sa Egipto. Hindi ba? At inilalabas noon ng Diyos ang kanyang bayan papunta sa lupang pangako. Tama ba? At hindi nakatanggap ang Israel ng kahit isang salot. Habang ang mga salot ay... bago pa man ito umiral, pumasok na sila sa Goshen. Tama ba? At hindi kailanman nagdilim ang araw, walang dumating na mga lamok, wala roong mga palaka, walang mga kuto roon, walang mga bagyo roon, walang kidlat doon, walang pagpatay sa mga baka roon, at ang lahat ng tinataglay nila ay iningatan sa Goshen. Tama ba? Tipo ito ng Iglesia na aalis bago mismo ang Panahon ng Kapighatian. Sabi ni Jesus, “Kapag nagsimulang mangyari ang mga bagay na ito, itaas ninyo ang inyong mga ulo, malapit na ang katubusan ninyo.” Kita n'yo?

<sup>244</sup> Naniniwala akong ang buwan at araw, at mga bituwin... Tapos ang sabi nila'y... Sige't basahin n'yo Ito, sabi, “At nagsitakbo ang mga tao at nagsipagtago sa... at nahulog sa kanilang... hinangad pa nga na magpakamatay at hindi

magawa, at lahat na.” Naniniwala akong magaganap ’yun bago lamang ang Kapighatian.

<sup>245</sup> Ngayon, masdan, dumarating ang Kapighatian. Kapag dumating na ang Kapighatian, aakyat ang Iglesia. Ngayon, tandaan n’yo, ang ordinaryo lamang na iglesia na walang Espiritu Santo ang daranas ng Panahon ng Kapighatian. Tanging ang Hinirang ang makakatakas.

<sup>246</sup> Oh, may ididiin lang ako rito na matinding bagay, pansumandali. Maaari n’yo ba akong bigyan ng tatlo pang minuto? Ano ba ang tawag sa mga—mga tao na inagaw, mga nalabi? Tama ba? Buweno . . . ang—ang ibig kong sabihin ay—ay ang Nobya. Ngayon, ang mga nalabi ang naiwan.

<sup>247</sup> Ngayon, kapag magtatabas ang isang babae ng padron ng isang palda, napag-uusapan n’yo ito. Inilalagay niya ang mga tela (tama ba?), ang piraso ng tela. At ipapatong niya ang kanyang padron dito. Minamarkahan niya kung saan tatabasin ’yung padron. Tama?

<sup>248</sup> Oh, kapatid, makabubuti talaga ito sa inyo! Sino ba ang humihirang? Ang Diyos ang humihirang! Tama ba? Hindi ako ang makapagsasabi, Siya ang magsasabi. At inilalagay Niya ang padron sa kanino Niya ibig. Tama ba?

<sup>249</sup> Ngayon, may sampung birhen na lumabas para salubungin ang Kasintahang Lalaki. Tama ba?

<sup>250</sup> Ano ba ang “birhen”? Ang ibig sabihin ng *birhen* ay “dalisay, banal.” Tama ba? Ano ang isang birheng dalaga? Ito’y isang babaing hindi pa nagalaw, isa siyang birhen. Ano ba ang anumang dalisay, gaya ng purong langis ng olibo? Ang ibig sabihin ito’y dinalisay hanggang sa ito’y wala nang bahid-dungis, ito’y dalisay. Ano ba ang lantay na ginto? Ito’y kapag ang lahat ng dumi . . . dumaan ito sa init at lahat na’t inilabas ang lahat ng dumi sa pagpapakulo. Tama ba? Yung lahat ng bakal at ’yung pyrite, at lahat ng iba pa, ay nailabas na sa pagpapakulo, na sadyang ito’y lantay na mismo.

<sup>251</sup> Ngayon, may sampung pumunta para sumalubong sa Kasintahang Lalaki. Sinabi nga ni Jesus. Tama? Ilan ang sumasang-ayon doon, magsabi ng “Amen.” [Sinabing kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sampu ang pumunta para sumalubong sa Kanya. Ngayon, masdan n’yo, lahat sila’y banal. Buweno, para maging *banal* kinakailangan nilang “mapapaging banal,” dahil ’yun ang tanging lumilinis, ’yung banal na bukal ng Diyos, ay ang pagpapaging banal. Kita n’yo?

<sup>252</sup> Ngayon, masdan. Lahat silang sampu’y pinaging banal, pero ’yung lima’y walang anumang Langis sa kanilang ilawan, at ’yung lima nama’y may Langis sa kanilang ilawan. Tama ba? Ano ba ang nirepresenta ng *Langis*? Ngayon, hindi ang kadalisayan, ang pagiging birhen. Ang *Langis* ay kumakatawan sa “Espiritu Santo.”

253 Ngayon, kung sasabihin ko ito sa . . . at medyo nakakasakit ito, pero hindi ko sinasadya na ganoon ang paraan ng pagkakasabi ko. Ngayon, pagpaumanhinan n'yo ako, at huwag kayong lumayo sa iglesia. Narito lang ako sa pulpito para sikaping tulongan kayo. Kita n'yo? Ngayon, tingnan n'yo, hayaan n'yong ipakita ko sa inyo.

254 Walang iglesia sa lupa na maaaring mamuhay nang mas dalisay pa kaysa sa Nazarene sa kanilang mga aral, Pilgrim Holiness at iba pa. Tama ba? Lubos silang naniniwala sa kadalisayan ng pagpapakabanal, maski . . . maging sa kababaihan nila ukol sa pagsusuot ng mga singsing, at anupaman. Kadalisayan at pagpapakabanal, sa lahat ng paraan, pinaniniwalaan nila ito. Ang mga organisasyon ng Holiness, lahat ng mga legalista, 'yun ang aral nila, pinaniniwalaan nila ito. Banal! Mahaba ang buhok ng kababaihan at mahaba ang palda. Ni ang mga kalalakihan ay di dapat naglililip pataas ng kanilang mga manggas, marami sa kanila. Lahat, ni hindi humihipo . . . naninigarilyo, umiinom, anumang . . . Wala nito, kita n'yo. Talagang banal! Hindi na kayo makakapamuhay nang mas lilinis pa.

255 Pero ang siya ring iglesia ng Nazarene, kapag magsasalita ng mga wika ang isang tao sa loob ng simbahan, talagang palalabasin siya sa may pintuan. At sabi nila na ni hindi sila mauupong kasama ang isang 'yun. Ngayon, totoo 'yun. Kung hindi kayo maniwala, subukan n'yo minsan, alamin n'yo. Alamin n'yo minsan. Kinasusuklaman nila ang isipin man lang ito. Sabi nila, "Ito'y ang diyablo!"

256 Lima sila . . . Sampu sa kanila'y mga birhen. Ang lima ay matalino na may Langis sa kanilang ilawan, at ang iba pang lima ay kasing dalisay rin at banal pero wala silang Langis (pinaging banal sila, na wala ang Espiritu Santo).

257 "May tatlong nagpapatotoo sa lupa: ang tubig, ang dugo, ang Espiritu." San Juan 5:7 . . . Unang Juan 5:7 po, pala, siyanga't nagsabi "May tatlong nagpapatotoo sa Langit: Ama, Anak, at Espiritu Santo, ang tatlong ito ay Iisa. Ngunit may tatlong nagpapatotoo sa lupa: tubig, dugo, at Espiritu, hindi sila iisa kundi sila ay nagkakaisa."

258 Ngayon hindi maaaring mapasaiyo ang Ama nang wala sa iyo ang Anak. Hindi maaaring mapasaiyo ang Espiritu Santo nang wala ang Ama, Anak, at Espiritu Santo. Iisa sila. Ikaw . . . Hindi sila mapaghihiwa-hiwalay.

259 Subalit maaari kang ariing-ganap nang hindi pinaging banal. At maaari kang mapaging banal nang hindi nakakamtan ang Espiritu Santo; maging malinis, mamuhay nang dalisay, at magkaroon ng anyo ng kabanalan, at tanggihan ang Kapangyarihan ng pagpapagaling at pagsasalita ng mga wika

at ang mga dakilang kaloob ng Diyos (at bawat isa sa kanila na Naroon).

<sup>260</sup> Hayan ang limang matalinong birhen n'yo na may Langis sa kanilang ilawan, Pananampalataya tungo sa pag-agaw, naniniwala sa lahat na mga tanda, mga kababalaghan, mga propesiya, at lahat nun. At ang limang ito na tinabas mula sa mga nalabi ay kinuha.

<sup>261</sup> At ang iba sa kanila'y mga birhen pa rin naman at hindi mapapahamak, pero dadaan sa Panahon ng Kapighatian. Ang sabi ni Jesus ay "Magkakaroon . . ."

<sup>262</sup> At sabi nila—sabi nila, "Bigyan n'yo kami ng kaunti sa inyong Langis, gusto na namin ng Espiritu Santo ngayon."

<sup>263</sup> Ngayon, alam ng sinuman na ang Espiritu Santo, Zacarias 4, at, oh, Santiago 5:14, alam ng lahat na—na kumakatawan ito sa Espiritu Santo. Ngayon, sabi nila . . . Yun ang dahilan kaya kami nagpapahid ng langis, na kumakatawan sa Espiritu Santo; ngayon, "Ang Langis ng Espiritu," sabi ng Biblia.

<sup>264</sup> Ngayon, may Espiritu Santo ang mga *ito*; at ang mga *ito* ay pinaging banal. Pinaging banal ang mga *ito* at *saka* ang Espiritu Santo, pinaniniwalaan ang lahat ng mga kamangha-mangha at lahat na ukol sa Kapangyarihan ng Diyos. Ang lahat ng sinabi ng Diyos Dito, tinaglay nila ito, pinaniniwalaan ito. Iniakyat sila.

<sup>265</sup> At nagsabi *sila*, "Bigyan n'yo kami, sa amin, ngayon na."

<sup>266</sup> Sabi, "Sapat lang ang mayroon kami para makapasok," at umalis na sila sa Pag-agaw.

<sup>267</sup> At sabi nila, "Bumili kayo sa mga nagbebenta sa inyo," sabi nila. At nagpunta sila para subukang manalangin pagkatapos, para matanggap ang Espiritu Santo, pero natapos na ang dispensasyon ng mga Gentil at nagsimula na ang pag-uusig. At sabi ni Jesus, "Itinapon sila sa kadiliman sa labas kung saan ang pag-iyak at pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin." Pero sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli sila ang tupa na inihawalay sa mga kambing, pero hindi kailanman ang Nobya, hindi kailanman ang Hinirang. Yun ang mga nalabi sa Binhi ng babae.

<sup>268</sup> Ano ba ang nalabi? Ang pirasong tinabas, natira. Pero pareho lang na uri ng tela. Tama ba? Tabasan n'yo ang sarili ng isang bestida mula sa kaliko, at maglatag kayo ng isang malaking piraso ng kaliko at tabasin ito. Karapatan n'yo kung saan n'yo ilalatag ang padron. Karapatan ng Diyos kung saan Niya ilalatag ang padron. Tinatabas Niya siya nang walang pag-aatubili. Tama ba? At ngayon ito, ang natira rito sa kalikong ito, ay kasing buti rin na kaliko gaya nung nasa bestida. Tama ba? Pero ito'y paghirang ng Diyos. Hinihirang ng Diyos ang Kanyang Iglesya, itinatalaga ng Diyos ang Kanyang Iglesya; itinalaga na 'yun noong una pa ng Diyos, itinatalaga Niya ang Kanyang

Iglesya bago pa, at inilalabas Niya ang Iglesyang 'yun! At naiwan ang nalabi para dumanas ng Panahon ng Kapighatian.

<sup>269</sup> At diyan naguguluhan ang maraming iskolar ng Biblia ngayon iniisip na naroon ang Nobya sa Kapighatian. May nagsabi sa akin, sabi, “Hindi ko masabi sa iyo, Kapatid na Branham.” Sabi, “Nakita ko ang Nobya roon sa Langit. At nagbubuga ng tubig ang dragon mula sa kanyang bibig upang digmain ang Nobya. At ang sandaan at apatnapu't apat na libo, na siyang ang Nobya, ay nakatayo roon sa Bundok ng Sinai.”

<sup>270</sup> Sabi ko, “Oh, hindi. Hindi. Hindi. Hindi. Napaghalo-halo mo itong lahat. Ang Nobya ay nasa Langit na nun.” At ang *nalabi* sa Binhi ng babae, hindi siya . . . hindi ang padron, naroon pa ang mga nalabi, at ang pag-uusig (ang Imperyong Romano) kapag nagsama-sama na ang Katolisismo at papagkakaisahin na nila ang kanilang mga kapangyarihan kasama ng Malaking iglesya.

<sup>271</sup> Aba, mayroon na sila nito mismo. . . Nasa telebisyon nga ito noong isang gabi. At iglesyang Methodist ay nagsusumikap na pag-isahin ang Methodist at Baptist at ang lahat ng buong church of Christ ay nagsisikap na makipagkaisa sa Katolisismo at tatayo sa harap ng iisang karaniwang altar. Anong sabi ng obispo noong nilitis siya noong isang gabi, doon dahil sa pagiging Komunista? Nakatayo ako, pinapanood ito sa telebisyon mismo. Ang lahat ng mga grupo nila! At kapag dumating na ang panahong 'yun, magsisimula ang isang pag-uusig. Tapos bababa ang Espiritu Santo, at ang mga Methodist, at mga Baptist, at ang lahat, ay magsisipagsalita ng mga wika, pupurihin ang Diyos, at magpapagaling ng mga maysakit at magproposesiya, at magdadatingan ang lahat ng mga tanda at kababalaghan. Aakyat ang mga Hinirang, at maiwan ang nalabi rito upang dumanas ng Panahon ng Kapighatian. At sa katapusan ng panahon, kapag makita nila ang nangyari, kinakailangan nilang mamatay ng kamatayan ng pagka-martir.

<sup>272</sup> Pagkatapos tingnan n'yo. Sasabihin n'yo, “Buweno, ngayon, Kapatid na Branham, ibig mo bang sabihin sa akin na magkakaroon. . . na—na ang mga taong 'yun ay paroroon sa Paghatol sa Puting Luklukan?” Sila'y. . . Hindi kailanman hahatulan ang Nobya. Hindi, po. Siya kasi'y nakay Cristo na. Papaano ka mapaparoon kay Cristo? “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat papasok sa isang Katawan.” Tama ba?

<sup>273</sup> Ngayon, tingnan, tingnan n'yo rito. Sabi ng Biblia, “Nagsimula na ang paghatol, at binuksan ang mga Aklat.” Tama ba? Mga Aklat ng mga makasalanan. “At binuksan din ang isa pang Aklat,” ang Aklat ng Buhay, at sa ganoon hinatulan ang bawat tao. Tama ba? At sino ang humahatol? Si Jesus at ang mga Banal. Sabi niya, “Dumating Siya upang maglingkod, na Siyang Matanda sa mga Araw, Na ang buhok ay gaya ng lana.” At sabi,



“Dumating na kasama Niya ang laksa-laksa, at naglingkod sa Kanya sa Paghuhukom.” Dito’y nagbabalik si Jesus bilang Hari at Reyna, natapos na diyan ang Kasalan, at kasal na Siya. Narito ang Hari at Reyna na nakatayo rito. At nakatayo roon ang grupong ’yun ng mga binanal, sabi ng Diyos, “Tumayo kayo sa Aking kanan dito.” Ang Aklat na ’yun na nabuksan, ay mga makasalanan, “Pumunta kayo sa Aking kaliwa.” Narito yaong ang mga pangalan nila’y nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero.

<sup>274</sup> Sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, ang pangalan ko’y nakasulat doon, talagang paroroon ako!” Sandali lang! Si Judas Iscariote man ay pinaging banal. Whew! Kapatid, gumising kayo ngayon, sa kurot, para makuha n’yo Ito, kita n’yo.

<sup>275</sup> Si Judas Iscariote, ang espiritu niya ay ang anticristo ngayon. Alam n’yo ’yan. Si Jesus ang Anak ng Diyos, nagbuhat sa Diyos at bumalik sa Diyos; si Judas ang anak ng kapahamakan, nagbuhat sa impyerno at bumalik sa impyerno. Kinuha ni Jesus ang nagsising makasalanan kasama Niya; kinuha naman ni Judas ang hindi nagsisi kasama niya, “*Kung* ikaw nga! Kung! Kung! Kung ikaw ay isang Makalangit na tagapagpagaling, gawin mo nga *ito*, Kung ikaw ay *Ganito*, gawin mo nga *ito*.” (Kita n’yo, ang tandang pananong sa Salita ng Diyos.) “Lipas na ang mga araw ng mga himala. Kung ganoon pa rin, ipakita mo nga *ito* sa akin. Kung! Kung! Kung!” Kita n’yo?

“Totoong lahat ito,” sabi ng Diyos.

<sup>276</sup> Ngayon masdan. Inaring-ganap noon si Judas Iscariote sa pamamagitan ng pananampalataya, at naniwala siya sa Panginoong Jesus Cristo at nabautismuhan. Sabi ng Biblia, “Binautismuhan ni Jesus—ni Jesus ang mga alagad, ang Kanyang mga alagad.” Sige.

<sup>277</sup> San Juan 17:17, bago Niya sila maisugo, sinabi Niya, “Pakabanalin Mo sila, Ama, sa Katotohanan. Ang Salita Mo ay ang Katotohanan.” At Siya ang Salita, maging bago pa man ang pagtutubos. Sa madaling salita, “Bilang pauna, Ama, sa Aking ibinubong Dugo, pinababanal Ko ang mga ito.”

<sup>278</sup> Binigyan Niya sila ng kapangyarihan laban sa maruruming espiritu, at nagpunta sila at nagpalayas ng mga demonyo. Tama ba? At pinagaling nila ang mga maysakit. Tama ba? At bumalik sila, na pinabanal, nagagalak, lumulukso, sumisigaw, at nagpupuri sa Diyos. Tama ba? At sabi, “Maging ang mga demonyo ay nagpapasakop sa amin.”

<sup>279</sup> At sabi ni Jesus, “Huwag kayong magalak dahil nga ang mga demonyo ay nagpapasakop sa inyo, kundi magalak kayo dahil ang inyong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Langit.” Tama ba? At kasama nila si Judas Iscariote, isa sa kanila, na tinawag, pinabanal, at nakasulat ang pangalan niya sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Basahin n’yo ang Mateo 10 at tingnan kung

hindi ba't tama 'yun. Tinawag Niya ang bawat isa sa kanila, at si Judas at ang bawat isa sa kanila, doon mismo. Isinugo Niya sila, pinagkalooban sila ng kapangyarihan laban sa maruruming espiritu.

<sup>280</sup> Ngayon masdan! Humanda kayo sa nakaliliglig na pangungusap na ito. Pero noong dumating si Judas sa iglesyang 'yun doon, bilang tagalikom ng pera ng iglesya, nakikipagtulungan sa pastor, ang . . . si Jesus. Pero pagdating na ng panahon para sa Pentecostes, ipinakita niya ang kanyang kulay. Ipinakita niya kung ano siya. At taglay—taglay ang sapat na dignidad sa kanya, sinira niya ang kanyang sarili at ibinitin ang mismong sarili sa isang puno ng sikomoro, upang matupad ang propesiya. At ang espiritung 'yun ni Judas ay darating at maniniwala mismo sa Panginoong Jesus Cristo. Gaya ng sinabi ni Jesus, “Ang mga demonyo’y naniniwala’t nanginginig pa.” Darating siya at magtuturo ng pagpapaging banal, talagang napakadalisay na banal na pamumuhay rin; pero pagdating sa bautismo ng Espiritu Santo at sa mga kaloob ng Espiritu, tatanggihan niya Ito! Ipakita niya ang kulay niya sa tuwina. Hayun ang espiritu na ku- . . .

<sup>281</sup> At sinabi ni Jesus, “Mag-ingat!” Mateo 24, muli. “Ang dalawang espiritu ay magiging parehong-pareho sa isa’t isa hanggang sa dadayain nito ang mismong Hinirang. . .” Tama ba? Kung saan nakalagay ang padron na 'yun. . . Kapatid, mas mabuting maniwala ka sa makalumang, mga mangangaral ng Espiritu Santo rito at maging matuwid sa Diyos. Siyanga. Huwag kang magkaroon ng anyo ng kabanalan at tatanggihan ang Kapagyarihan nito. Amen! Maayos ba ang pakiramdam ng lahat? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

When we all get to Heaven,  
What a day of rejoicing that will be!  
When we all see Jesus,  
We'll sing and shout the victory.

When we all get to Heaven,  
What a day of rejoicing that will be!  
When we all see Jesus,  
We'll sing and shout the victory.


<sup>282</sup> Hallelujah! Tumayo tayo pansumandali. Ilan ba ang umiibig sa Kanya nang buong puso n'yo? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, “Purihin ang Panginoon.” [Inuulit ng kongregasyon ang sinabi ni Kapatid na Branham—Pat.] “Panginoon, naniniwala ako sa buong Ebanghelyo. Tulungan Mo po ako na maging lingkod Mo.” Hallelujah! Hallelujah! Mahal n'yo ba Siya? [“Amen.”] Sa Biblia kanilang . . .

<sup>283</sup> Sabi sa akin ng isang babae isang araw. . . isang kabataang lalaki, maaaring nakikinig siya ngayong gabi, nakatira lang siya sa tawid ng kalsada. Pumunta siya roon. At si Kapatid na

babaing Lula na dating dumadalo rito sa simbahan, sumisigaw siya roon sa likod. Nangangaral ako noon, Kapatid na Neville. At sabi nung kabataang lalaki na 'yun sa akin. . . Ngayon, isa siyang tagapagturo ng Sunday school dito sa simbahan ng First Baptist. Sabi niya, "Billy, nasisiyahan ako sa pangangaral mo hanggang sa bigla na lang umiyak at sumigaw ang babaing 'yun ng, 'Salamat, Jesus! Purihin ang Panginoon!' At maya't maya" sabi "may kung sinong lalaki ang nagsasabi," (Si Kapatid na Seward 'yun) "sumisigaw, 'Purihin ang Panginoon! Amen!'" At nangangaral ako noon tungkol sa *Pagkawala Ng Iyong Karapatan Sa Pagkapanganay*, na ibinenta nga ni Esau ang kanyang Karapatan sa Pagkapanganay. At nagpapatuloy lang ako, at talagang sila'y sumisigaw, at patuloy mismo. At sabi, "Oooh," sabi, "haya't—haya't kinikilabutan ako roon." Sabi, "Hindi ko matatagalan 'yun!"

<sup>284</sup> Sabi ko, "Kapatid, mamamatay ka sa lamig kung makakarating ka man sa Langit." Sabi ko, "Tiyak na may sigawan sa Langit, araw at gabi." At ganoon nga, kapatid. oh, siyanga, po!

Oh, I want to see Him, look upon His face,  
 There to sing forever of His saving grace;  
 On the streets of Glory let me lift my voice;  
 Cares all past, home at last, ever to rejoice.  
 Oh, I want to see Him, look upon His face,  
 There to sing forever of His saving grace;  
 On the streets of Glory let me lift my voice;  
 Cares all past, home at last, ever to rejoice.

<sup>285</sup> Amen! Sige, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Diyos. Pumanhik ka na roon at ikaw na po, sige. 

*MGA TANONG AT MGA SAGOT SA GENESIS* TAG53-0729

(Questions and Answers on Genesis)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Hulyo 29, 1953, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)